# Pagtayo sa Patlang

Jeffersonville Indiana, USA

Hunyo 23, 1963

1 Maraming salamat, Brother Neville. Manatili lamang tayong nakatayo sumandali ngayon, habang tayo ay nakayuko para sa panalangin. Magsiyuko tayo, at kung may anumang natatanging kahilingan, maaari bang ipaalam ninyo sa pamamagitan ng mga nakataas na kamay. Ngayon panghawakan ninyo sa inyong mga puso ang mga panalangin n'yo. At hilingin ninyo sa inyong Makalangit na Ama na ipagkaloob Niya ito.

2 Makalangit naming Ama, lumalapit kami sa Iyo ngayon sa Ngalan ng Panginoong Jesus. Dumudulog kami, sumasampalatayang ang mga bagay na hinahangad namin ay maipapaabot sa panalangin. At kung kami ay sasampalatayang tatanggapin namin ang mga bagay na hinihingi namin, ipagkakaloob sa amin. Ngayon, ang pangakong iyon ay magkakatotoo. Sa lahat ng mga taong nagdaan nakita naming subok na ito at alam naming totoo ito. Nais Ka muna naming pasalamatan, sa pag-iingat Mo sa aming mga buhay at dahil itinulot Mong muli na magkasama-sama kami rito, nagkakatipon sa kongregasyon ng Panginoon.

Pinasasalamatan Ka namin dahil sa iglesia, at sa pastor, at sa dakilang Katotohanang kinasasaligan at paninindigan dito. Pinasasalamatan Ka namin sa bawat taong nasa Presensiya ng Diyos. At hinihiling naming maging mahabagin Ka nawa sa amin sa araw na ito, at ipagkaloob Mo po sa amin ang kaunawaang kailangan namin upang kami'y maging mga higit na mahusay na lingkod para sa Iyo. Hangad ng aming pusong mapaglingkuran Ka nang may paggalang at may pusong tapat, at nang makuha Mo ang pinakamainam mula sa buhay namin. Mangyari nawang sa araw-araw na lakad namin, ay maging lubos na kalugod-lugod sa Iyo ang mga bagay na ginawa namin.

3 Ngayon, dinadalangin namin ang lahat ng may sakit at nangangailangan sa araw na ito, na nasa Makalangit na Presensiyang naririto, at nasa presensiya ng Iyong santuwaryo saan mang dako sa buong mundo, na dumating ang dakilang si Jehova sa Kaniyang kapangyarihan at pagalingin ang lahat ng may sakit at nagbabata. Kunin Mo ang kaluwalhatian tungo sa Iyong dakilang Ngalan. Pagpalain Mo po ang bawat lihim na taglay ng mga puso sa umagang ito, hinggil sa mga kahilingang nais nilang ipanalangin. Idadalangin namin ngayon, sa pagtingin Mo sa bawat puso upang makita kung ano ang nais nila sa pagtataas nila ng mga kamay, at ipagkaloob Mo po sa kanila ang kanilang ninanasa. At pagpalain Mo kami sa pagpapatuloy ng pagsamba namin sa Iyo, at sa paglisan namin sa gusaling ito ngayong umaga upang umuwi sa aming mga tahanan, magawa nawa naming sabihin ang sinabi ng mga nanggagaling sa Emmaus, "Di ba't nag-alab ang ating mga puso habang nangungusap Siya sa atin sa daan?" Hinihiling po namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Maaari na kayong magsiupo.)

4 Nais kong sabihing mabuting maparitong muli ngayong umaga sa kongregasyon ng mga taong nasa Presensya ng Panginoon. Ilang buwan na rin ang nakalipas mula nang huli akong maparito. At nung nakaraang Linggo nais ko sanang pumarito, ngunit marahil ay hindi kalooban ng Panginoon. May kung ano —- ang lambak dito ay totoong hindi maigi para sa kalusugan ko. Pagdating na pagdating ko sa lambak na ito... Alerdyik kasi ako sa hangin dito. Pinantal ako sa buong katawan, at parang tumagos ang mga pantal hanggang sa bituka. At napakasama ng pakiramdam ko, nanginginig ako, at nangangatal, at giniginaw, at sadyang di ko kayang pumarito, bagama't tumayo ako at pinilit ko ang sarili ko. At ako'y... Alam kong... Ang lambak ay totoong hindi mabuti sa kalusugan at —- hindi ako dapat manirahan dito.

5 Ngayon, nais naming iulat, nagkaroon kami ng dakilang panahon sa mga gawain ng Panginoon, sa iba't ibang bahagi ng bansa kung saan ay tinawag kami ng Panginoon upang maglingkod. At ngayon, hindi ko inaasahang ako ang mangungusap sa umagang ito, kung nais ni Brother Neville na mangusap ako ng isang bagay tungkol sa pakikisama ko sa mga tagarito. Kaya't ako'y... Lagi siyang ganiyan kabiyaya, tulad ng pagkakakilala nating lahat kay Brother Neville. Ngayon, walang araw na hindi ko siya naiisip, siya at kaniyang maybahay, at ang pamilya niya, sampu ng mga anak niya, at idinadalangin ko sila. Bigyan nawa siya ng lakas ng Diyos upang makapagpatuloy siya, sa pagtupad ng kamiyang tungkulin. Tulad ng nalalaman natin, paubos na ang oras natin. Sadyang napakalapit na natin sa —- sa araw ng bukas, na ang Panggabing Ilaw ng panahong ito ay... At ako...

6 Ang pamilya ko'y nasa kanluran ngayon. Mabuti naman ang lagay naming lahat doon. Nadagdagan ng labindalawang libra ang timbang ko at nabawasan iyon ng sampu mula nang magbalik ako. At sina Rebekah, at Sarah, at Joseph ay nagsibigat nang lahat. Anupa't ang maybahay ko ay hindi bumigat. Kaya —- kaya nga... Hindi ako mangangahas na sabihin iyan dito, alam n'yo na, 'pagkat kailangan kong umuwi kaagad...?... Kita n'yo? Kaya ako'y... Ngunit nagkaroon kami ng napakagandang panahon at lubos kaming nagpapasalamat.

7 Kami'y... Medyo hindi maganda, naisip ko, ang magbalik dito, ngunit may isang dakilang bagay —- dalawang bagay ang pangunahin naming hinahanphanap, na hindi namin masumpungan sa ibang lugar: ang isa ay ang mga kaibigan namin dito, at pati na ang iglesia. Saan man kami magpunta, nakakakita kami ng mga kaibigan. At nagpapasalamat kami dahil sa aming mga kaibigan, ngunit may kung anong bagay sa mga kaibigang nanatili sa tabi iyon. Gaano man kabuti ang iba, hindi maaaring ipagpalit ang gayong mga kaibigan. Sadyang dikit na dikit ka sa kanila, iisa na kayo. At tayo ay samasamang naghihintay sa pagdating ng Panginoon habang ang mga araw ay nagpapatuloy... At medyo mahirap

isiping maaari pa kayong... Hindi na kayo maaari pang magkahiwalay.

8 Naaalala ko ang isang Kasulatan na sa paniwala ko ay isinulat ni Pablo, at sinabi niyasa mga Taga Corinto , na "Walang bagay sa kasalukuyan, maging kahubaran man, pagkagutom, panganib, o anumang nilalang sa kasalukuyan, maging buhay man, o kamatayan ang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na nakay Jesus Cristo." Kung paanong maging kamatayan man ay hinding-hindi makapaghihiwalay sa atin sapagkat pinagbuklod na ang ating mga puso sa dakilang pakikisamang ito sa Salita ng Diyos. At maging ang kamatayn mismo, ay hindi makapaghihiwalay sa atin. Magkakaisa tayo sa dakilang walang hanggan sa lahat ng oras at kapanahunan.

9 At ang mga bata, sa umaga... May masisimbahan naman kami, siyempre, ngunit saan ka man magpunta walang... Hindi kasi ito katulad ng tabernakulo sa kanto. At may kung ano roon. Hinahanap-hanap kong marinig ang lumang kampana at ang —- ang pagkalembang nito doon sa tuktok tuwing umaga. Sa palagay ko'y hindi pa ito pinakakalembang sa ngayon sapagkat hindi pa nila nagagawa ang mataas na bubong na pagkakabitan nito.

At, saka, dito sa Eight at Penn Street, mga tatlumpu't limang taon na ang nakalilipas, lumuhod ako sa isang dating latian upang itayo ang una kong simbahan... Ganoon na lamang ang pangungusap ng Panginoong Jesus sa akin tungkol doon. At ngayon nakatayo ito bilang isang munting dambana rito, at yari sa tisa at semento nakatayo ito bilang isang dambana. Ngunit sa kaibuturan ng aking puso, ito'y isang dambanang mananatili habang ako'y may alaala. At isa itong...

At ano ba ang bumubuo sa isang simbahan, hindi ang gusali. Kundi ang mga taong nagtitipon sa silong nito upang sumamba sa Diyos. Nagpapasalamat kami dahil sa mga bagay ito.

10 At ngayon, marahil ay nais ko, dahil halos natapos na ang ating oras, at kakaunti na lang ang panahong natitira sa atin, ako'y medyo maghahayag lang sa inyo tungkol sa ilang mga bagay na naganap. At pagkatapos, ay gagawa ako ng ilang mga tape habang naririto ako. Sapagkat ipinangako ko sa inyong lahat (Kita n'yo?) na anumang bagong mensahe (naka-tape na mensahe) ay manggagaling muna sa platapormang ito. Dito ginagawa ang lahat ng mga tape, hindi doon sa labas. Ngayon, sina Brother Jim at ang iba pa sa kanila ay nagbebenta rin ng mga tape sa gawain at iba pa. Ngunit mayroong... Sa tuwina ito'y tungkol sa isang bagay na una munang lalabas dito. Kita n'yo? Kung susuriin ninyo kailan man sa nakalipas na panahon, makikita ninyo ito. Iyan ang pangako ko sa inyo, at magpapatuloy itong ganiyan hanggang sa baguhin ito ng Panginoong Diyos.

11 At sa palagay ko ngayon ang mga bumibili ng mga tape natin, sa buong mundo... Ang mensaheng dito nagmumula ay kumakalat sa buong daigdig. Kita n'yo? Sa mga kagubatan at lahat ng iba pang dako, kumakalat ito sa pamamagitan ng mga tape recording. At sa mga hiteno at iba pa, sa pamamagitan ng pagsasalin sa napakaraming iba't ibang wika. Kaya nais ko, habang naririto ako, kung loloobin ng Panginoon, na gumawa ng ilang mga bagong tape. At marahil, kung ang pastor ay walang anumang nag-aalab sa puso niya para mamayang gabi, buweno, marahil ay nais kong gumawa ng isang tape mamayang gabi.

12 At pagkatapos ay pupunta ako sa Arkansas bukas at —- o sa Martes pala, Martes ng umaga, upang tumulong sa isang maliit na kumbensyon doon kasama ng International Brotherhood of Christians... Di ko talaga alam. Ipagpaumanhim n'yo. Nakakahiya, di ba? (Salamat po.) Associated Brotherhood of Christians. At dapat sana ay magsasalita ako hanggang sa —- mula Linggo, ngayon, hanggang sa matapos ito. Ngunit inilaan ko ang araw na ito para sa Tabernakulo, para makaparito ako. At pagkatapos ako'y —- lalabas ako ng Biyernes... (Iyon po ba ang...? Iyon ba...) Sa Biyernes magtatapos ang mga gawain doon. At sisikapin kong makabalik sa Sabado ng gabi para makaparito ako ng Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon na makagawa ako ng isa pang tape. At marahil sa mga susunod pang panahon nais kong gumawa ng ilan pang mga tape bago kami umalis.

13 At pagkatapos ay talagang pinaghahandaan ko ang Baton Rouge, Louisiana, ang kumbensyong idaraos doon. At pagkatapos —- pagkatapos ay magbabalik ako. At pagkatapos noon ay nakatakda akong magtungo, anuman ang mangyari, sa Anchorage. Kita n'yo? At —- at mula sa Fairbanks at Anchorage, para naman sa Christian Full Gospel Business Men sa mga chapter na naroroon, at pagkatapos ay magbabalik ako, at kung loobin ng Panginoon, magtutungo naman ako sa Chicago sa huling Linggo ng Hulyo.

At sa palagay ko pagkatapos no'n, sa mga panahong iyon, kakailanganin ko namang madaliin ang pagpunta ng mga bata sa Arizona upang —- para makapasok sila sa iskuwela roon. Mangyari pa Charlie, kailangan kong maparito ng mga ika-15 ng Agosto. Kaya na —- nais kong makabalik ng mga panahong iyon, kung loobin ng Panginoon, doon sa Kentucky. Nagtatawanan ang lahat, marahil ay hindi alam ng mga baguhan kung anong ibig sabihin no'n. At umaasa ako na di ito masagwang pakinggan mula sa plataporma, ngunit doon nagsisimula ang panahon ng mga squirrel. Kaya, Mama Cox, inaasahan ko iyon. Kita n'yo? Kaya... Sa loob ng dalawang linggo, pupunta ako roon para magbakasyon...

14 Ngayon, maniniwala ako na... May hawak ako ritong ilang mga maiikling talang isinulat para sa akin ni Billy. At ang isa sa kanila ay nagsasabing, "Daddy, nais malaman ni Brother Neville kung maaari ka bang mag-alay ng dalawang bata?" Oo naman. Ayos lang iyon. At oo nga, mayroon tayong —- gawain para mag-alay na... Mabuti pa gawin na natin ngayon. At pagkatapos, sa palagay ko, medyo gugugulin natin ang mga susunod na apanapu't limang minuto, para ipaalam ang tungkol sa ilang mga bagay na naganap.

Ngayon, marami sa mga tao at mga iglesia, dahil nang ako ay... Ito ay isang bukas na tabernakulo. Hindi ito kailan man naging isang denominasyon, at itulot nawa ng Diyos na hindi ito magkagano'n kailan man. Sapagkat nais nating maging isang lugar ito na kung saan ay wala tayong batas kundi pagibig, walang kredo kundi si Cristo, at walang aklat kundi ang Biblia. At wala tayong membership; ang mayroon sa atin ay fellowship, sa isa't isa, para sa lahat ng tao, lahat ng mga denominasyon. Ang lahat ay inaanyayahan at mayroon tayong pagsasama-sama sa paligid ng Salita ng Diyos, kung saan ay maaaring maramdaman ng bawat isa na tanggap na tanggap sila. Kung baga sa prinsipyo, mahal lang natin ang Panginoon Jesus. At —- at hindi tayo isang aral na grupo dito. Mga payak na tao lang tayo na nagsisikap lamang na basahin ang Biblia at di naglalagay ng pagpapaliwanag Dito na labas sa kung ano lang ang sinasabi Nito. Sadyang...

15 Naniniwala akong isang araw ay hahatulan ng Diyos ang sanlibutan sa pamamagitan ng Biblia. Ngayon, kung sila ay... Hahatulan Niya ang sanlibutan. At kung walang pamantayang gagawing batayan upang ipanghatol sa kanila, paanong malalaman ng mga tao kung anong dapat nilang gawin? Kita n'yo? Ang Diyos ang magiging... Hindi mo maaaring paratangan ang Diyos ng kawalan ng katarungan. At kinakailangang may pagbataya ang Diyos sa paghatol Niya sa mga tao. Kaya nga, kapag humatol Siya sa pamamagitan ng iglesiang Romano Catolico, kung magkagayon ang iglesiang Griego (ang Orthodox Cathholic) at marami pa sa kanila ay tiyak na napahamak na, at lahat ng iba pa sa sanlibutan. Kapag humatol naman Siya sa pamamagitan ng Greek Orthodox Catholic church, at hindi sa pamamagitan ng Simbahang Romano, kung magkagayon ang iba naman... Kung magkagayon ang Simbahang Romano at lahat ng iba pa ay napahamak na. Kung hahatol Siya sa pamamagitan ng Lutheran church, kung gayo'y napahamak na ang mga Presbyterian. Kung hahatol naman Siya sa pamamagitan ng mga Presbyterian, ang mga Lutheran ang mga Baptist ay napahamak na. Kita n'yo? Kaya kung hahatol Siya sa pamamagitan ng mga Pentecostal, lahat ng hindi Pentecostal ay napahamak na.

16 Ngunit hinda Siya hahatol sa pamamagitan ng alin mang iglesia, sa aking palagay, sapagkat napakaraming mga pagkakaiba-iba at napakaraming kalituhan. Ngunit hahatol Siya... Sinasabi ng Bibliang hahatulan Niya ang sanlibutan sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Ngayon, iyan ang ayon sa Kasulatan. Ngayon... At ang sisnasabi ng Kasulatan na, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasadiyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa kalagitnaan natin, na hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man." Kaya Siya ang Salita. At ito ay si Cristo sa anyong titik. At sa aklat ng Apocalypsis ng mga Catolico, Rebelasyon naman para sa mga Protestante... Sa ika-22 kabanata, sa pagatatapos ng Aklat na ito, sinabi mismo ni Jesus, "Sinomang magbawas ng isang salita sa Aklat na ito, o magdagdag man ng isang salita Dito, siya ay... Ang bahagi niya ay aalisin sa Aklat ng Buhay." Kaya ako'y... Ang dahilan kaya naniniwala tayong ito'y... Sinisipi natin ito nang eksaktong-eksakto... Walang... Maaari Siyang gumawa ng mga bagay na hindi Niya isinulat dito; alam natin iyan. Ngunit habang nananatili tayo sa kung ano lamang ang isinulat Niya, mabuti ito.

17 At ngayon, sa pag-aalay ng mga bata, marami sa mga tao, ang —- ang mga Methodist ay winiwisikan sila. At —- at sa wari ko'y ginaganap nila ang unang komunyon sa Catholico o sa Lutheran pagdating nila ng mga labindalawang taong gulang, at binabautismuhan yata sila pagkapanganak sa kanila, gaya ng palagay ko'y winiwisikan sila. At —- at sa wari ko'y humiwalay ang Nazarene sa Methodist maraming taon na ang nakakalipas, gawa ng usaping pagbibinyag ng sanggol. Gano'n nga yata, Brother Brown. Sa paniwala ko, iyon ang naging dahilan ng paghihiwalay ng Methodist sa Nazarene, sapagkat hindi tinanggap ng Nazarene ang pagbibinyag sa sanggol. Ngunit sa atin, dito sa Tabernakulo, kung mananatili tayo sa kung anong sinasabi ng Biblia. Walang pangyayari sa Biblia na winisikan nila ang sinuman, lalo pa ang sanggol, at wala ngang isang matanda. Ngunit sila'y... Ang sabi ng Biblia, ang tanging mababasa sa ating Biblia tungkol sa mga bata, ay nang magdala sila ng mga bata kay Jesus. At Siya'y... Upang mapatungan Niya sila ng kamay at mabasbasan sila. At ang sabi Niya, "Pabayaan ninyong lumapit sa Akin ang mga bata at huwag ninyo silang pagbawalan, sa mga ganito nauukol ang kaharian ng langit."

18 Ngayon, kaya naman, alam naming mga aba ang mga kamay namin, ang pastor at ako, o sinumang pastor, upang humalili sa mga kamay ng Panginoong Jesus. At kung naririto Siya ngayong umaga, dadalhin ng mga magulang na ito ang sanggol na ito kay Cristo. Ngunit dahil naririto tayo bilang kinatawan Niya, kinakatawan natin Siya, dinadala nila ang mga bata sa atin. At inaalay namin sila sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapatong ng aming kamay sa kanila bilang pag-alala sa Kaniyang dakilang Salita at gawa. Kaya ganiyan natin inaalay ang maliliit na bata.

Naisip kong marahil ay may ina ritong dala ang kaniyang anak na hindi pa inaalay sa Panginoon, na marahil ay nais dumulong kasama ng mga inang ito o mga amang naririto upang mag-aalay ng kanilang

mga anak. Inilalapit lang namin sila rito at inaalay sa Diyos, at ipinapanalangin sila, at sinasabi namin sa Panginoon na ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kanila, kahalili ng Kaniyang mga kamay. At iyan pa lang ang nasumpungan kong paraang pinakamalapit sa Kasulatan. Ngayon, maaari ninyong ilabas ang inyong textbook at makakita kayo ng isang bagay na sinasabi ng kung anong grupo ng mga tao, ngunit ang ibig kong sabihin ay kung ano'ng sinabi ng Salita. Kita n'yo? At sa palagay ko nalinaw ko na nang lubusan kung ano nga ba ito.

19 Ngayon, kung nais ng pianista (Ikaw ba nag pianista, brother?) na pumanhik na dito. Hindi ba nakakahiya iyon, sa sarili kong simbahan ay nagtatanong ako, “Sino ba ang pianista?” (Halos kailangan ko nang kumatok sa pinto.) Sige. Inaawit nila o tinutugtog ang munting awiting ito: Ihatid na sila Ihatid sila kay Jesus

At habang inaawit ito ng kongregasyon, magsitayo tayo. At hayaan natin ang mga ina at amang magdadala ng kanilang mga anak na pumarito na at tumayo. Sige.

Ihatid na sila, Ihatid sila

Ihatid sila kay Jesus.

20 Ngayon, pastor maaari bang... Ngayon, na —- naririto ang isang maliit na batang natutulog, at magkaminsan ay medyo napapalakas ang kanilang “Amen”. Kaya naiintindihan natin iyon. Mga sanggol kasi sila. Ano pong pangalan n'yo? William Henry Vncent. At ang anak n'yong babae? Christina Maria Vincent. Napakagandang bata, nakahilig sa balikat ng kaniyang ama. Maaari ko ba siyang kunin? Christina, hindi ko maaaring palitan ang ama mong naririto. Tayo ay... Maaari bang ipatong mo ang iyong kamay sa bata? Magsiyuko tayo. Makalangit naming Ama, lumalapit kami sa Iyong trono sa araw na ito, na naroroon sa kaitaasan, itinataas kami ng aming pananampalataya nang lampas sa buwan, sa mga bituin, lampas sa solar system, patungo sa Presensya ng Makapangyarihan sa Lahat. Inaalay namin ang magandang batang ito. Hindi namin alam kung ano ang karga namin sa aming mga bisig, Panginoon. Marahil ay magiging isa siyang dakilang lingko sa Iyo balang araw. Nagtitiwala kaming magkakagayon nga. Ngunit ang ama ng batang ito, dinala siya siya sa amin, upang patungan namin siya ng kamay, na ipinahahayag naming mga lingkod Mo kami, ginagampanan ang gawain Mo hanggang sa Iyong pagbabalik, at kung magkagayon ay Ikaw na ang mamamahala sa lahat ng mga bagay. Hanggang sa sandaling iyon, Panginoon, maglilingkod kami sa Iyo nang mgy katotohanan at katapatan. At habang nakapatong ang mga kamay namin sa munting batang babaeng ito, binabasbasan namin siya sa Ngalan ng Panginoong Jesus Cristo. At umaasa kaming pagkakalooban Mo siya ng mahabang buhay kung magtatagal pa si Jesus, at nawa'y maging isa siyang dakilang lingkod Mo. Pagpalain Mo po ang tahanang lalakihan niya. Nawa'y mapalaki siya sa aral ng Diyos, at maglingkod siya sa Kaniya ng buong buhay niya. Pagpalain Mo po ang kaniyang mga magulang, at nawa ay mabuhay sila upang makitang ang batang ito bilang isang sisidlang marangal sa Panginoon dahil sa ginawa nila sa araw na ito. Sa ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain po kayo ng Diyos. Anong pangalan niya? Kapatid pala ito ng isang iyon: Teresa, hindi ko lang alam kung makakarga natin si Teresa o hindi; sa palagay ko ay hindi; mas may isip na kasi siya. Buweno, magsiyuko tayo. Makalangit naming Ama, habang ipinapatong namin ang mga kamay namin sa kapatid na babae ng munting batang ito na kakahandog pa lang sa Iyo, nais ng mga magulang na ialay din ang munting batang ito ngayon at pagkalooban Mo po siya ng mahabang buhay, ng isang pinagpalang paglilingkod sa Iyo, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain kayo ngayon ng Diyos, pagpalain kayong lahat; napakapalad n'yong mga magulang dahil mayroon kayong ganiyang kagagandang mga anak.

21 Ang ngalan niya? Joel William Carwright. At nagpapahinga siya ngayong umaga, nakikita ko. (Sige. Ngayon, kung mamarapatin n'yong —- kayong dalawa ay maaari nang umupo kung nais n'yo at hayaan na lang nating pumanhik dito si Joseph. Sige, maaari n'yo siyang kargahin kung nais n'yo.)... Makalangit namin Ama, dinadala namin sa Iyo itong munting si Joseph William Cartwright. Ang ama niya ay nakatayo sa umagang ito upang ibalik sa Iyo ang ipinagkaloob Mo sa kaniya sa isang buhay ng paglilingkod. Diyos, pagpalain Mo po ang munting batang ito at nawa ay mabuhay siya nang mahaba, malusog, malakas, at maging isa siyang lingkod Mo. Pagpalain Mo po ang kaniyang ama't ina, at ang tahanang lalakihan niya. Si Cristo nawa lagi ang maging Panauhin nilang di nakikita. At ipinagkaloob namin ang munting batang lalaking ito sa Iyo para sa isang buhay ng paglilingkod, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain kayo ng Diyos, si Brother at Sister Cartwright.

22 Munting batang babae? Ang ngalan niya? Sylvia Shippy. Makalangit naming Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa munting batang babaeng ito habang ang —- dinala siya dito ng mahal niya sa buhay ngayong umaga, nakatayo sa altar, nawa ang mga pagpapala ay mapasa kaniya tulad ng kung ipapatong ng Panginoong Jesus ang Kaniyang sariling kamay na nasugatan ng pako sa batang ito. Nawa ang mga pagpapala Mo ay mapasa batang ito. Pagpalain Mo po siya ngayon, at mabuhay nawa siya nang mahaba at maligaya at maging lingkod Mo nawa siya. At pagpalain Mo po ang kaniyang tahanan, ang kaniyang mga magulang, ang mga mahal niya sa buhay, sa Ngalan ni Jesus Cristo, ginagawa namin ito ayon sa Biblia. Amen. Purihin ang...?... Pagpalain kayo...?...

23 Magiging isa ba siyang mang-aawit? Anong pangalan niya? Laura Ellen Myer. Ang sabi ko magiging isa siyang mang-aawit. Naaalala ko tuloy... Sana ay hindi maging masagwang pakinggan ito sa simbahan, ngunit isang araw kausap ko ang isang Indian, may hawak siyang sanggol, nakatayo siya roon, at sinabi ko sa kniya, "Mabait na bata ang batang lalaking ito. Mabait siyang bata." At sumandali akong pinagmasdan ng Indian; pagkatapos ay yumuko siya at nagsabi, "Ngunit babae siya." Palagay ko'y parang ganoon din ngayon ito. Anong ngalan niya? Laura Ellen Allen. Allen at ang apelyido mo? Myers, Laura Ellen Myers. Napakaganda niya. Makalangit naming Ama, habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa munting batang ito... At sa Biblia ay sinabi nilang nagdala sila ng munting mga bata sa Iyo at ipinatong Mo ang Iyong kamay sa kanila at pinagpala sila; at ang gawang iyon ang tinutupad namin bilang pagalala sa dakilang gawa Mo sa ibabaw ng lupa. Pagpalain Mo po ang batang ito, kaniyang mga magulang, nawa ang kanila tahanan ay maging isang palagiang lugar ng pananalangin, ng panalangin, ng pananampalataya. At ang munting batang ito nawa ay mabuhay nang mahaba at maligaya, at maging lingkod Mo nawa siya sa buong panahong iyon, at hindi nawa masira ang gulong ng kanilang pamilya sa langit. Hanggang sa pagkakataong iyon, Panginoon, nawa ang walang hanggang pagpapala Mo ay mapasa batang ito na binabasbasan namin ng Ngalan ni Jesus. Amen. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko. Itong munting... Ang munti niyang kapatid na si Rebeccah. Makalangit naming Ama, pinapatungan namin ng kamay si Rebeccah at binabasbasan namin siya sa Ngalan ng Panginoong Jesus, na para bang magtutungo siya sa tubig ng bautismuhan, at nagtitiwala ako Panginoon, na darating ang araw kapag nasa hustong gulang na siya't alam na niya ang mabuti't masama, na maninindigan siya at lulusong sa bautismuhan at magpapabautismo sa ikapagpapatawad ng kaniyang munting kapatid. Mabuhay nawa siya nang mahaba at maligaya sa paglilingkod sa Iyo. Amen. Pagpalain kayo. Pagpalain kayo ng Panginoon. ...?... panganlan?

24 Jackelyn Cunnard, isa na namang magandang batang babae. Ngayon, makalangit naming Ama, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa munting batang babaeng ito bilang pag-alala sa dakilang Panginoong Jesus na nagpatong ng Kaniyang mga kamay sa kanila nang basbasan Niya sila, at nawa mapasa batang babaeng ito ang mga pagpapalang na para bang ang sarili Mong mga kamay ang nakapatong sa kaniya sa araw na ito. Kung Ikaw ay naririto sa lupa sa isang pisikal na katawan, dadalhin ng ina ang bata sa Iyo, ngunit kami bilang mga kinatawan Mo, ang nilapitan niya, Ama, at hinihiling naming pagpalain Mo po ang batang ito na binabasban namin, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Mabuhay nawa siya ng mahaba at maligaya at maging lingkod Mo nawa siya. Pagpalain Mo po ang tahanang lalakihan niya, lagi nawang maging bahay ito ng pananalangin, sa Ngalan ni Jesus. Amen...?...

25 Dalawa iyan, di ba? Sige. Ngayon, sino itong munting batang lalaking ito? James David Hume. Sabi ko na nga ba't kilala kita, Sister Hume; isa kang misyonero, kayong magasawa. Kasama mo ba ngayong umaga ang asawa mo? Buweno, pagpalain nawa ng Panginoon si Brother Hume. Aba, tunay ngang magaganda at mababait ang iyong mga anak. Iyan si David at ito ay si... Kausap ko pa lang ang isang kapatid na babaeng taga Florida sa silid aralan ko kaninang umaga. Ang munting batang lalaking ito, nung siya ay galing sa...?... Sa Florida sila nakatira, nung naroon kami. Ang lalaking ito ay binatilyo pa lamang, maliit at patpating batang lalaki na nagpunta sa...?...[Patlang sa tape - Ed.]

26 Tatlumpong taon na ang nakararaan, nakatayo siya sa pintuan ng iskuwelahan dito sa —- sa Utica Pike, aakalain ko ba namang ang batang lalaking iyon, medyo mahiyain siya, nagkakatinginan kami noon, na isang araw ay papatungan ko ng kamay ang apo niya upang ialay siya sa Panginoong Diyos. Tanggapin Mo po ang batang si John, sa umagang ito, Panginoon, bilang isang lingkod Mo. Buong tapang siyang dinala ng kaniyang ama't ina upang ibalik sa Diyos ang ipinagkatiwala sa kanila. At makapamuhay nawa sila ng isang matatag na buhay na may kalusugan at kalakasan, at determinasyon kay Cristo. Ngayon, ipinagkakaloob namin sa Iyo ang batang lalaking ito, sa Ngalan ni Jesus Cristo, para sa isang buhay ng paglilingkod. Mabuhay nawa siya nang mahaba at maglingkod sa Iyo. Amen. Naialay na ba ang batang babae? Anong pangalan niya? Carla. Gayon din po, ipinapatong namin ang aming mga kamay sa batang si Carla sa umagang ito, at iniaalay namin siya para sa paglilingkod kay Jesus Cristo. Pagpalain nawa siya ng Diyos. Mabuhay nawa siya nang mahaba at maligaya. Maging isa nawa siyang lingkod Mo buong buhay niya. Itulot Mo po ito, Panginoon. Pagpalain Mo po ang kaniyang tahanan. Itulot Mo po na nawa'y lagi itong maging isang lugar ng pananalangin at pananampalataya. Ipinagkakaloob po namin sa Iyo ang magandang batang babaeng ito, sa umagang ito mula sa puso ng kaniyang ama't ina, na nakatayo ngayon sa munting altar na ito. Sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen.

27 Ang munting batang lalaki, hayaan mong kunin ko ang kaniyang kamay. Makalangit naming Ama, ang ama ng mga munting batang ito, karga-karga niya sa kaniyang mga bisig ang huling munting kayamanang ipinagkaloob Mo sa kaniya sa anyo ng isang anak, na isinunod sa kaniyang ama ang pangalan. Diyos itulot Mo po na maging lalaki siya ng karunungan ni Santiago sa Biblia. Idinadalangin ko na bigyan Mo po siya ng isang mahaba at malusog na buhay, Panginoon, at lumaki nawa siya, at kung mayroon pang bukas, ay itulot Mong dalhin niya ang Salita ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Bilang pag-alala sa ginawa ni Jesus Cristo na aming Panginoon nung naririto Siya sa lupa, ipinapatong ko ang aking kamay sa batang si James Poole at iniaalay ko siya sa paglilingkod sa Diyos. Sa ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Iyon ang kaniyang pangalan...?... Isang batang lalaki...?... Panginoong Diyos, sa ulo ng munting batang

lalaking ito, na si Gary Dean, nawa'y magpahingalay ang pagpapala ni Jesus Cristo. Habang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa kaniya, habang iniaalay namin ang murang buhay na ito sa Iyo, pagpalain Mo po ang kaniyang tahanan, ang kaniyang mga magulang. Mabuhay nawa siya nang mahaba at maligaya sa paglilingkod sa aming Diyos at sa kaniyang Diyos, kung kanino namin siya ibinibigay ngayon, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

28 Ngayon, sa palagay ko iyan na ang magtatapos nito. Ngayon, ang oras natin ay ganap na alas-onse. Ngayon, alam n'yo, parang nakikini-kinita ko ang mga inang iyon na nagsisidating, pati na ang mga amang may mga kargang sanggol... Naiisip ko si Jose at Maria nung umagang inialay ang Panginoong Jesus.

Brother Kidd, may kapanayam ako sa opisina, ngunit narinig ko ang emosyon rito, —- mula sa isang —- mula sa lalaking kasing edad mo... At wari ko'y sinasaysay mo kung paano kang pinagaling ng Panginoon habang naro'n ka sa mga tagapakinig. At muntik ko nang maibangga ang kotse ko isang umaga para makarating sa nakatatandang... Isa siyang matanda nang ministro.

29 Isipin n'yo na lang. Ang lalaking ito (ang maybahay niya ay naririto) —- mangangaral na siya ng Ebanghelyo bago pa ako ipanganak, ipinapangaral ang Ebanghelyong ito, sa mga bundok at lambak ng Kentucky at Tennessee, kung saan ang mga minero ng carbon ay... At dahil pinalayas sila, halos ay wala silang makain. At ang abang maybahay na naririto ay naglaba sa labahan para kumita ng dalawampu hanggang tatlumpung sentimo sa isang araw para matustusan niya ang kaniyang asawa sa paghayo upang ipangaral ang Ebanghelyo. Sapat iyan para upang mapukaw ang damdamin ng isang tao, hindi ba?

At isipin na lang na nakaratay siya roon nang sabihin ng pinakamahuhusay na mga duktor, "Mamamatay na siya. Kumalat na ang prostrate cancer sa buong katawan niya. Ilang oras na lamang siya maaaring mabuhay, at malamang isa o dalawang araw na lamang." At dalawa o tatlong taon na ang nakakaraan magmula noon. Tatlong taon ang nakalipas, at naririto siya ngayong umaga, malusog, magaling, nagbibigay sa Diyos ng kaluwalhatian. At gaano na ba ang edad mo nung pagalingin ka, Brother Kidd? Ilan na ba ang edad mo nang ang Diyos ay... Ilang taon ka na... Ganoon na ba ang edad niya ngayon? Walumpung taong gulang. Tama, mga walumpung taon gulang siya nang pagalingin ng Diyos. Ngayon, nagmamalasakit ba ang Diyos sa ating mga matatanda? Tiyak nga. Opo.

30 Pinagaling Niya si Abraham nung siya ay sandaang taong gulang na; at si Sarah naman ay siyamnapung taong gulang noon. At isinilang si Ismael —- o, pagpaumanhin ninyo ako, si Isaac pala. Tama ba? Masayang-masaya tayo dahil dito.

Ngayon, napakabait ninyo, maaari akong mangusap sa inyo buong umaga nang tulad nito. Ngunit basahin lang natin ang ilan sa mga mahahalagang Salita at pagkatapos ay tumungo na tayo kaagad sa gawain. Ngayon, sa palagay ko, kung kalooban ng Diyos, nais kong ipaalam sa inyo ang tungkol sa ilang mga bagay na nangyari. At mamayang gabi naman, kung loloobin ng Panginoon, nais kong mangusap tungkol sa isang paksang... Nais kong itala ito sa tape unang-una upang ito ay mailabas. Ang isang... At nais ninyong pumarito at makinig, sige lang. Kapag natapos na ng pastor ang kaniyang mensahe, gagawin ko naman ang tape. Nais kong mangaral tungkolsa "Ang Patay-Sinding Pulang Ilaw ng Kaniyang Pagdating," kung paanong ang isa sa mga pagkislap nito ay nangyayari na sa atin ngayon. At nais kong mangusap tungkol diyan ngayong gabi: "Ang Patay-Sinding Pulang Ilaw ng Kaniyang..." Naririto na Siya, dahil malapit na malapit na Siya, ngayon. Ang babala ay nakababa na. Nasa bloke na ang tren.

31 Mga Bilang, ika-16 na kabanata, sa mga nais magbuklat at magbasa. Ito ang Walang Hanggang Salita kaya magbasa tayo nang buong paggalang. Nais kong bumasa ng dalawang talata sa ika-16 ng mga Bilang, sa ika-3 at ika-4 na talata, upang makakuha ng kaunting panlikod na larawan tungkol sa nais kong sabihin.

At ngayon, kung hindi pa nakabukas ang tape, buksan na sana nila ngayon. O kaya ay ayusin nila upang ang bahaging ito ay maipamigay sa labas. Ito ay lalabas kung nais ninyong... Kaya mo bang ayusin ang mga tape mo diyan upang ang bahaging ito ay maihawalay sa iba pang bahagi ng gawain? Alam n'yo kasi, bago lang ito. Ngayon, puwede mong harangan sa bandang ito mismo o anuman ang gagawin mo. Buweno kung gayon, ating... Nais mo bang itigil ko muna sandali at pagkatapos ay paganahin kong muli, nang sa gayon ay mabigyan ka nito ng patlang upang malaman mo kung saan ka dapat magsimula? O maaari bang magsimula ka na lang diyan? Masisimula ka na lang. Sige, mabuti.

32 Ngayon, babasahin nating ang Mga Bilang 16:3 at 4.

At sila'y nagpupulong laban kay Moises at laban kay Aaron, at sinabi nila sa kanila, Kayo'y kumukuha ng malabis sa inyo, dangang ang buong kapisanan ay banal, bawat isa sa kanila, at ang Panginoon ay nasa gitna nila: bakit nga kayo magmamataas sa kapisanan ng Panginoon?

At nang marinig ni Moises, ay nagpatirapa:

Makalangit naming Ama, pagpalain Mo po ang kaunting mga Salitang ito. At nawa ang pagbubuhay

ng aming puso at bunga ng aming mga labi ay maging katanggap-tanggap sa Iyong paningin. Dalangin namin ito sa Ngalan ni Jesus. Amen.

Nais kong kunin ito bilang isang teksto, para sa paksang nais kong ipangusap ngayong umaga: "Ang Pamamagitan."

33 Sa panahong ito na ating nabanggit o binasa... Anupa't nauunawaan natin na iyon ay nang si Dathan at si Core ay magpasya —- na sila ay hahadlang sa utos ng Diyos kay Moises, na nagsasabing, "Dapat mong hayaan ang buong kongregasyon na gumawa ng ganito-at-ganoon. Lahat naman sila ay banal na." At inutusan ng Diyos si Moises na pangunahan niya ang bayan patungo sa lupang pangako. At ang sabi nila, "Masyado mong sinasarili ang paggawa. Pilit mong pinalalabas na ikaw lang ang karapat-dapat magsalita sa kapulungan."

At labis iyong ikinagalit ng Diyos na sinabi Niya kay Moises, "Ihiwalay mo ang sarili mo sa kanila. Lilipulin Ko na lang ang buong kalipunang ito at magpapasimula Ako ng isang bagong henerasyon sa pamamagitan mo." At si Moises ay nagpatirapa sa Presensya ng Diyos at sinabi niyang kakailanganing hakbangan Niya siya. Kita n'yo?

34 Ngayon, sa araw na ito, kung lilipulin ng Diyos ang mga tao... At kung dumating ang pagkakataon na ang Diyos ay magsawa na sa pagtitimpi gawa ng ating mga kasalanan (lagi tayong gumagawa ng mali)... Sino ang tatayong tulad ni Moises sa araw na ito para sa mga tao? Saan tayo makakasumpong ng isang taong tatayo, o makatatayo, na maaaring tanggapin ng Diyos kung paanong tinanggap Niya si Moises? At ang sariling buhay ni Moises sa lupa ay napakahalaga sa Diyos na napigilan nito ang galit ng Diyos. At ayaw hakbangan ng Diyos si Moises. Naging isang palaisipan sa akin iyan hanggang sa ako'y... Isang araw sa kapahayagan ng Kasulatan dumating ang kaisipang ito sa akin, na... Kita mo, si Moises sa ginawa niyang iyon, ginampanan niya ang gawaing ito sa lahat ng paraan. Isa siyang tipo ni Jesus Cristo.

35 At nang akma nang kitlin ng Diyos ang buhay ng buong sanlibutan upang mamatay, namatay si Cristo para sa ating lahat. At hindi magawang hakbangan ng Diyos si Cristo, palibhasa'y Sariling Anak. At nang magkagayon ay ipinagkaloob ni Jesus ang Kaniyang Sarili nang walang bayad, upang mabayaran Niya ang daan na kung... Hindi iyon magawa ni Moises. Ang dugong nakay Moises ay dugo ng taong tulad ng sa atin. Kaya nga, ang dugo niya ay hindi makapag... Hindi iyon makasasapat. Ngunit si Jesus dahil Siya mismo ang Dugo ng Diyos noon ang buong sangkatauhan sa kasalanan, sapagkat ang lahat ay ipinataw sa Kaniya. At nagtungo Siya sa Kalbaryo at namatay nang wala sa Presensya ng Diyo, at nagdusa Siya, at ibinulid sa hades sapagkat Siya ay naging kasalanan —- ang mga kasalanan natin ay inatang sa Kaniya. At doon bilang atin, —- Tagapasan ng kabigatan, dinala Niya ang ating mga kasalanan sa Kalbaryo, at mula sa Kalbaryo hanggang sa hades, at binuhay Siyang muli ng Diyos at ikatlong araw upang maging kabayaran ng ating mga kasalanan.

36 At ngayon Siya ang tanging Tagapamagitan sa Diyos at tao, at malaya tayong kinahahabagan at pinatawad. Ni hindi alam ng Diyos na nagkasala tayo. Ang mga kasalanan natin ay inilagay na sa dagat ng paglimot upang hindi na kailan man maalala pa. Hindi natin iyon magagawa kung tayo lang; may hangganan kasi tayo. Siya'y walang hangganan. At ang ating may hangganang... Naaalala pa rin natin sapagkat hindi sapat ang ating kadakilaan; ngunit napakadakila Niya, na nagagawa Niyang kalimutan na nagkasala tayo. Tayo ay mga anak na lalaki at babae sa Kaniyang Presensya. At lahat ng kung ano Siya, ay gayon tayo. Siya ay naging kasalanan ko, upang ako'y maging katuwiran Niya. Samakatuwid walang nakikitang kasalanan ang Diyos sa inyo hangga't ang pangungumpisal ninyo ay na kay Cristo Jesus.

37 May isang nagsabi minsan, ika niya, ''Kung ganiyang paniwala ko, magwawala na lang ako. Magliliwaliw ako sa bayan. Magpupunta ako sa lahat ng sayawan. Magpapakalasing ako, at lahat na, sapagkat..."

"Bakit?"

"Sigurado ka na kay Cristo, eh. Ano pang magiging kaibahan niyon?"

Ang sabi ko, "Ipinapakita niyan na wala pa'yon sa iyo." Kapag tinamaan ka ng pag-ibig ng Diyos sa iyong puso sa kagiliwan ni Jesus Cristo, mapapaibig ka nang lubos sa Kaniyang hanggang sa mga mundo ay mamatay nang tulad ng iyong kasalanan.Ganiyan mo malalamang taglay mo na ang Espritu Santo. Hindi dahil ikaw ay nakatitili, nakasisigaw, nakapagsasalita ng iba't-ibang wika, o kung ano man iyon, ngunit kapag ang kasalanan ay namatay na at ika'y buhay kay Jesus Cristo. Oh, pag-ibig ng Diyos, napakayaman, napakadalisay. Kita n'yo?

38 Ngayon, dito sa Louisville, Kentucky, di pa katagalan, may isang ministrong nakikipag-usap sa —- may isang dalaga. Matagal na panahon siyang naghintay sa buhay para magpakasal, mga dalawampu't lima, o tatlumpung taong gulang na siya. at isa siyang mabuti at matatag na Cristianong babae. At may isang lalaki sa Louisville na hindi... Hindi naging mabait ang pamumuhay niya. Nagpunta siya sa mga sayawan, at mga bahay-aliwan,, at iba pa, ngunit isang araw ay nakasumpong siya ng kapatawaran sa

kanyang kasalanan at naging isa siyang tunay na Cristiano, tunay na matatag na Cristiano. Matapos ang isang taon ay napaibig siya nang husto sa dalagang ito, at ang dala ga ay umibig din nang husto sa kaniya. At kinasal sila.

39 Matapos nilang magsama ng dalawang taon, ayon sa kanila sinabi raw ng babaeng ito sa kanyang asawa isang araw... Aniya, "Mahal,palagay ko medyo ay magiging mahirap iyan para sa iyo na isang bagung-bagong Cristiano." Cristiano na ako nagmula sa pagkabata." Ngunit ang sabi pa, "Para sa iyo, sa isang bata pang Cristiano, ang labanan ang lahat ng mga lalang at tuksong kalakip nito matapos kang magkasala sa loob ng mahabang panahon."

At sabi niya, "Buweno, nagiging isa nga itong pakikibaka."

Ang sabi niya, "Gusto kong tandaan mo ang isang bagay, na kung sakaling madaig ka ng kaaway kung saan man, at ikaw ay nadapa at nagbalik ka sa kasalanan, huwag kang lalayo sa tahanan. Nais kong umuwi ka." Aniya, "Masusumpungan mo sa tahanan natin ang dati pa ring asawang pinakasalan mo." Ang sabi pa niya, "Tutulungan kitang manalangin para ka makabalik, at magawa mong manalangin hanggang sa makaraos ka, at makapagbalik-loob kang muli sa Diyos." Aniya, "A —- ayaw kong lumayo ka." Ang sabi pa, "Tignan mo, pinakasalan kita hindi dahil sa kung ano ka noon, kundi dahil sa mahal kita."

40 At ang lalaki nung araw na iyon ay pumasok sa trabaho, at narinig nilang ikinukwento niya iyon sa pinagtatrabahuan niya. Ang sabi niya, "Ngayon, paanong magkasala ang isang lalaki kung ganiyan?" Na ang isang babaeng nagmamahal sa kaniya nang lubos na anuman ang magawa niyang pagkakasala, nakalaan siyang makipagbalikan at tangapin siyang muli, at magsimulang muli... Kita n'yo? Nagpapakitang... Ngayon, ulitin mo iyan ng bilyon-bilyong beses kung magkagayo'y magkakaroon ka ng kaunting ideya kung gaano kadakila ang pag-ibig sa Diyos.

Na kapag ang isang lalaki ay umibig kay Jesus Cristo, ang mga bagay ng sanlibutan ay... Kapag naisip mo kung anong ginawa Niya para sa iyo sa liwanag ng Kasulatan, hindi sa liwanag ng kung anong emosyon, kundi sa liwanag ng mga katotohanan, ng kung ano ito, kung magkagayon ay may mangyayari sa iyo kapag dumating ang bagong kapangannakan, hanggang sa ang kasalanan ay mamatay nang tulad sa hating gabi. Kapag ang... Hangga't nasa iyo ang Liwanag na iyon, paanong makasisinag ang kadiliman? Hindi maaari. At iyan ang ginawa ng Diyos sa isang taong namagitan, na maaaring tumanggap sa pangako. At si Moises dahil sa isa siyang tipo ng Antetipo, iyon ang dahilan kung bakit namagitan siya para sa bayan.

41 Kung gayon ay naiisip ko, sa araw na ito, tungkol sa todo-pasa, tamad at malambot na Kapanahunang ito sa Laodicea. At ang tamad, maluwang, mapagwalang-bahala, mapagbiro at makasalanang kapanahunan ng pita ng laman na kinabubuhayan natin ngayon, nakapagtatakang hindi pa sinasabi ng Diyos, "Umurong kayo, Iglesia, lilipulin ko na lang ang buong lipong ito." Kita n'yo? Anong klase na kapanahunan ang kinabubuhayan natin. At gagawin Niya iyan isa sa mga araw na ito. Alam nating darating iyon, hindi na Niya ito mapalalampas, sapagkat handa na Niyang... May Isa nang namatay para sa mga nagnanasang makatakas. Ngunit kukunin Niya ang mga dating, o ang tumanggap kay Cristo at naging mga Cristiano. Sila'y kukunin palabas sa kapootan, 'pagkat noon ay di Niya iyon magawa. Walang paraan para magawa iyon nung panahon ni Moises.

42 Ngayon, sa Aklat ng Apocalipsis, pagdating natin sa Kapanahunan ng Iglesiang Laodecia... Sa ika-3 kabanata ng Apocalipsis, sinabi ng Bibliang ang kapanahunang ito, ang Kapanahunang Laodicea, ay bulag. Ang sabi, "Dahil sa ikaw ay mayaman, sinasabi mong ikaw mayaman, at nagkamit ng kayamanan..." (pinakamalaking simbahan, pinakamagarang bihis ng tao, ang pinakadakila sa alin mang kapanahunan). "Dahil sinasabi mong, 'Hindi ako nangangailangan ng anuman.' Hindi mi nalalaman na ikaw ay dukha, aba, hubad, bulag at hindi mo ito alam."

Ngayon, kung ang isang tao ay nasa ganitong kundisyon, at magagawa mong sabihan siya tungkol sa kaniyang kundisyon, sisikapin niyang tulungan ang kaniyang sarili kung matino ang kaniyang pag-iisip. Ngunit kung siya ay nasa gayong kundisyon at hindi mo siya masabihan ng anumang... Basta't hindi siya naniniwalang hubad siya. Hindi siya naniniwalang nasa gayong kundisyon siya, kung gayo'y ipinapakita nitong bulag nga siya. Binulag ng diyos ng sanlibutang ito ang mga niyaong mga tumatangging maglingkod kay Cristo, at sila'y... Napakabulag nila na hindi nila makita ang tandang kinabubuhayan natin, ang oras, ang panahong kinabubuhayan natin. At alalahanin ninyo, mayroon nang isang namagitan at wala nang iba pang makapamamagitan. Kailangan ninyong tanggapin ang lunas na iyon kung hindi'y nakatakda na kayong mapahamak.

43 Ngayon, ngayon, sa atin, upang makalapit na tayo sa kung anong nais kong sabihin. Matitiis ba nating... (Ngayon, nangangaral ako sa aking sarili dito.) Matitiis ba nating makita ang isang taong bulag, bulag, bulag sa pisikal ng kalagayan, at alam nating siya'y mahuhulog sa bangin... Magagawa ba natin —- sa lagay ng ating pag-iisip sa umagang ito, matitiis ba nating makita ang isang taong bulag na naglalakad patungo sa isang bangin, bulag, at pagkatapos ay hindi natin siya sasabihan? Magiging... Magiging napakalupit naman no'n. Magiging napakawalang malasakit naman natin sa ating puso. Maiisip

mo ba, na ang isang tao ay labis nang nawawalan ng malasakit na halos matawa pa siya samantalang nakikita niya ang isang taong bulag (na hindi makakita at di matulungan ang sarili) na sadyang patungo na isang bangin? Magiging napakasama no'n... ang wala kang gawin tungkol doon...

44 Buweno, sa mga kapatid ko, sa buong mundo, nais kong gawin ang pagtatapat na ito. Buong pagpapakumbaba kong sinasabi, na iyan na nga ang ginagawa ko, o napipinto kong gawin. Maraming taon na akong nangangaral, at tumanda na ako at naging beterano na sa pangangaral. Nagkaroon na ako ng maraming matitinding pakikibaka at ako'y... Nawa... Napakarami ko nang pilat, at sugatan na ang kalooban ko sa pakikibaka. Sapagkat ang bahaging ibinigay sa akin ng Panginoon, ay hindi upang magbalik at halikan ang mga sanggol, at ikasal ang mga kabataan, at ilibing ang matatanda. Kundi ang hawakan ang Tabak na may dalawang talim sa harapan ng labanan laban sa mga lalang ng paganismo, at mga demonyo, at sa mga kapangyarihan ng kadiliman, at labanan ito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos hanggang sa makita kong talunan na ang kaaway. Maraming beses na akong nasugatan nang malalim.

45 At nang dumating akong dala ang Mensahe sa araw na ito at sinabi ko sa iglesia ang mga bagay na ipinapangusap ko ngayon... At nanghula ako maraming taon nang nakararaan nang tawagin ako ng Espiritu Santo sa gawaing ito. At walang isa mang taong nabubuhay sa balat ng lupa sa araw na ito, na makapagsasabing tinulutan ng Diyos na makapangusap ako sa inyo sa anumang bagay sa Kaniyang Pangalan, na hindi naganap nang ayon na ayon sa dapat na maging katuparan nito.

Kung paanong isinugo Niya ako nung una, pati na ang tungkol sa una, at ikalawang kaloob... At ang mga bagay na naipangusap o naisagawa sa buong mundo, talaga namang milyun-milyon ang nagsilapit kay Cristo. At sampusampung libong mga mangangaral ang nakasihan, na nagpasimula ng revival na lumaganap sa buong sangkalupaan sa araw na ito. At dahil ang mga Pentecostal ang tumanggap ng aking Mensahe, sila tuloy ang nakinabang. Ang iglesiang Pentecostal ang nakapagpakita ng mas maraming kombertido kaysa sa... Mumunting lupon ng mga Pentecostal, higit kaysa sa lahat ng iba pang mga iglesia kahit pagsasama-samahin pa sila. Iyan ang estadistika. Bakit? Dahil tinanggap nila ang katotohanan at tinanggap nila ang revival.

46 At ngayon, matapos dumating ang dakilang panahon ng pagpapagaling sa mga may sakit, ang pagpapalayas sa mga demonyo, at pagbuhay sa mga patay; kung saan ay saksi tayong lahat, pati na ang maraming mga duktor, at mga dakilang tao sa sanlibutan... At ang pagpapakita ng Panginoong Jesus sa ating kalagitnaan —- sa tandang iyan na nakikita n'yo, na sa wari ko, ay nakasabit sa dingding o saan man iyon, ng Anghel ng Panginoon, at kung paanong pinatunayan pa nga ito ng mga siyentipiko; at isa itong lantad na katotohanan, sa buong mundo. At nakikita nating laging nagaganap ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon. Pagkatapos kung ang Haliging Apoy na sumama sa Israel sa pagtawid sa ilang sa mga kaarawan ni Moises, na ating... O ngayon ay si Moises ay tinawag na, “Lingkod ng Panginoon,” at sinundan niya ang isang Haliging Apoy sa gabi at ang isang Ulap naman sa umaga...

47 At nang si Jesus ay narito sa lupa, sinabi Niyang Siya ang Diyos na iyon. Ang sabi Niya, “Bago pa si Abraham, ay AKO NGA.” At si AKO NGA ay ang Haliging Apoy na nagliliyab sa palumpong na nangusap kay Moises nung panahong nagdaan. Sa palagay ko'y tama iyon, Brother Vayle. Pagkatapos ay sinabi Niya, “Nagmula Ako sa Diyos at magbabalik Ako sa Diyos.” At nang Siya ay ipako sa krus, mamatay, at magbangon, umakyat sa kaitaasan, at inilapag ang Kaniyang katawan sa dakilang altar ng walang hanggang Diyos, upang lagi itong dumoon, upang pumalit sa atin, upang malamang binayaran na Niya abg pagkakautang nating kasalanan. At doon ay nagbalik Siyang muli sa lupa sa anyo ng isang dakilang Haliging Apoy.

48 Si San Pablo, sa daang... Bago siya tawaging San Pablo, and dating tawag sa kaniya ay Saul ng Tarsus. At habang nasa daan siya patungbong Damascus, upang arestuhin ang ilang mga taong masyadong maiingay, at nagsisigawan, at nangangaral ng Ebanghelyong salungat sa mga tradisyon ng kanilang mga iglesia... Habang nasa daan siya isang araw, mga ganitong oras na araw, ibinuwal siya ng isang dakilang Liwanag. At ang dakilang Liwanag na ito, para sa Judiong tulad niya, alam niyang pinangunahan ng Haliging Apoy ang mga anak ni Israel, at heto't nasa harapan niyang muli Iyon, sumigaw siya, “Panginoon.”

Ngayon, kung mapapansin n'yo sa inyong mga salin kapuwa sa King James, at sa Standard at lahat na, ito'y malaking titik na L-O-R-D. At sinuman sa mga nariritong kabisado ang kanilan Biblia, alam n'yong kapag malalaking titik na L-O-R-D, si Elohim iyon, ang Isang Sapat sa Lahat na lumikha ng langit at lupa, sa Genesis 1:1:LORD. Ngayon, hindi tatawagin ni Pablo ang isang optical illusion (malik-mata) na... Hindi niya tatawagin ang isang bagay na anuman nang hindi niya nalalaman, sapagkat isa siyang taong sanay sa Kasulatan: natuto siya sa pagtuturo ni Gamaliel, ang dakilang guro ng araw na iyon. At hindi niya iyon tatawaging LORD, kung hindi siya kumbinsidong Iyon nga si Jehova. Ang sabi niya, “Panginoon, sino Ka?”

49 Pakinggan n'yo ang Tinig na sumagot, “Ako si Jesus, na di nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man.”

Kaya sa palagay ko, sa gitna ng lahat ng ito, bago ako makapagpatuloy, dito sa buong mundo... Ang

mga taong makikinig, at nakikinig ngayon, malalaman nilang ito ay napatunayang si Jesus Cristo sa pamamagitan ng bawat gawa, na hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man. Ginawa Niya ang siya ring mga bagay na ginawa Niya noon: pinagaling Niya ang may sakit, kinilala Niya ang mga haka ng kaisipan sapagkat —- hinayag Niya ang mga bagay na darating; at sa bawat pagkakataon ay hindi iyon nagkamali sa lahat ng mga taong nakalipas. Limampu't apat na taong gulang na ako, at nakakita ako ng mga pangitain mula pa nang ako'y mga labingwalong buwan pa lamang, at di kailan man... Kundi sa bawat pagkakataon ay katotohanan ito. Ngayon, tiyak ngang ang Diyos iyon. At pagkatapos, nag-iisip ako, "Bakit napakabulag ng mga tao na hindi nila iyon makita?"

50 At sa tuwi na lang na mangungusap ako sa ating mga kababaihan tungkol sa pagpapaikli ng kanilang buhok, at kinagagalitan ako ng mga ministro tungkol doon; at tungkol sa pagsusuot nila ng mga imoral na kasuotan, itong mga shorts at ang mga ganiyang ginagawa nilang paglalantad, at pagpapatuloy nila sa masamang gawing iyon; at tungkol sa gawi ng ating mga kalalakihan, ang paninigarilyo, at ang pag-inom dahil sa pakisama at lahat na; at pagkatapos ay tinatawag pa ring mga Cristiano ang kanilang mga sarili, nangongomunyon dahil kasapi sa isang organisasyon. Oh sadyang... Inisip nilang namusong na ako sa Diyos. At umigi ba ang mga kababaihan? Lumalala pa nga sila, sa buong bansa.

At ako, dahil nerbiyoso ako (Sinasabi ko ito nang marahan), at marahil dahil talagang nerbiyosong tao ako... At dahil sa alam kong kapos ang kakayahan ko nung pasimula pa lamang para sa gawaing ito, katulad din naman ng hinaing ng iba na kailangang gumanap nito. Ang hirap. Ngunit ako'y —- sa isip-isip ko, "Diyos, bakit di Ka tumawag ng isang taong may kakayahang gumanap nito. At pagpaumanhin Mo ako, ngunit bi —- bigo ako. Talagang ayaw makinig ng mga tao sa akin. At nabigo kong gawin ang dapat kong gawin, kung saan, sapagkat ayaw nilang makinig."

51 Ang aking ina na kapapanaw pa lamang (mahigit lang ng kaunti sa isang taon ang nakalilipas)... Ang ina ko... Ang ama niya ay isang mangangaso. At sa palagay ko nakuha kong lahat ng galing sa kaniya sa larangang iyon, 'pagkat gustung-gusto ko ang kagubatan. At naisip ko, "Kung ang mga taong ito na tinatawag na Cristiano ang kanilang mga sarili, kung ayaw nilang makinig ng Mensahe kong ipinangangaral, kung gayon ay pababayaan ko na lang sila. Ititigil ko na na lang ang lahat, at papanik na lang ako sa kabundukan. At may kilala akong kaibigan doon kung saan..." Marami sa inyo, na naririto ngayon, naaalala n'yo nang ihula ko ang pagkakataong ito, mga anim buwan bago ito maganap, kung paanong magtutungo ako sa isang lugar (mula sa platapormang ito mismo; at lalabas ang isang —- isang hayop na tila isang usa na may matutulis na sungay, at kung paanong ang mga ito ay may habang apatnapu't dalawang pulgada, at kung paanong may lalabas na silver-tip grizzly na pitong piye ang laki. Mapapakinggan n'yo iyon sa mga tape at lahat na. Sa palagay ko'y... Naaalala n'yo ba ang pagkakataong iyon; lahat kayo. Buweno, nakalatag iyon ngayon sa silid ko doon sa itaas upang ipakitang katotohanan nga iyon.

52 Ngayon, ang mga bagay na tulad nito, sapagkat naganap iyon bago pumanaw ang aking ina, at nais kasi Niya akong payapain gawa ng malaking pagkagimbal ko, dahil alam Niyang kukunin na Niya siya.

Ngayon, nakilala ko ang isang lalaking Cristiano, at mayroon siyang isang malawak na lalawiganing lugar sa paanan ng Alaska. At nabuo ko na sa isip ko, na dahil umalis na ako rito at nagpunta na ako sa kanluran, na isasama ko ang aking maybahay at para ko siyang bibitagin. Iaakyat ko siya roon, at magiging isa akong giya. At pagkatapos, kung nais ng Diyos na gawin akong isang... Hahayaan kong humaba ang buhok ko at pati na ang balbas ko. At babalik ako roon at magiging isang giya. Mga dalawa o tatlong mga Indian na lang ang nakatira sa lalawigang iyon, at magiging isa na lang akong giya at pagkatapos ay tutulungan ko si Bud. Kung may anumang gustong ipagawa sa akin ang Panginoon, kung gayo'y sasabihin so, "Sige, Panginoon." Pag binigyan Niya ako ng pangitain, pupuslit na lang ako.

53 Ang sabi ko ang mga tao'y... Hindi ko kailan man itinuring ang sariling kong... Nalalaman ito ng bawat isa... Ngunit noon pa sinasabi ng mga tao, "Brother Branham, tinawag ka ng Panginoon na maging propeta Niya." Buweno, hindi ganiyan ang turing ko sarili ko, ngunit dumarating ang pagkakataon na muntik-muntikan ko nang gawin iyon: ang isiping, "Buweno, marahil gayon nga ako. At kung gayon nga ako, maninirahan ako doon sa ilang. Kung maninirahan ako doon sa ilang, kung magkagayo'y ma —- ma —- magiging propeta na nga Niya ako." Kita n'yo? At kung nais Niya akong isugo kung saan... At habang hindi Niya ako ginagamit, tiyak na makakahuli ako ng magagandang isda at makagagawa ng ilang mga bagay." Anupa't medyo makasarili ang pag-uugaling iyon (Kita n'yo), sapagkat gusto kong gawin iyon. Ngayon, hindi naman iyon talaga ang dapat gawin. At ngayon, buo na sa isipan ko na iyon nga ang gagawin ko.

At ngayon, bago naipangaral ang Pitong Kapanahunan ng Iglesia, tulad ng iginuhit nila doon... Marami sa mga taong naririto ngayon ang naroon sa pagkakataong iyon at alam nila kung paanong binabasbasan iyon ng Panginoon, pinasinag Niya iyon doon sa dingding, upang... Ilan ba sa mga naririto ngayon, ang naro'n, nang dumating Siya? Iyon ang sanhi.

54 At naaalala ko noon ang tungkol kay Brother Jackson. Karaniwan ay kasama natin siya, si Brother

Junior Jackson, ang Metodistang —- isa siyang ministrong Metodista. Siya nga, nakaupo siya ngayon dito. Ngayon, lumapit siya sa akin dala ang isang panaginip at ang iba pang mga kapatiran ay nagsidating ding may kaparehong panaginip. Ngayon, ang Panginoon ay naging napakabuti sa akin, at kailan man ay hindi pa (At nauunawaan kong inererekord n'yo ito ngayong umaga.) ako naglahad sa inyo ng maling interpretasyon ng panaginip. Hindi pa po. Sapagkat ang Panginoon... Hindi ko iyon sasabihin malibang makita ko iyong muli at malaman ko kung anong sasabihin Niya tungkol doon, pagkatapos ay saka ko iyon sasabihin sa inyo. At sinabi niya, "Ako'y..." Nagdadaos ako ng gawain doon sa kaniyang simbahan, at siya'y... Sa kung anong dahilan, siya ay totoong nininerbyos nung gabing iyon. At lumabas siya sa simbahan at umikot siya sa kabilang daan at pinuntahan niya ako sa kotse, at nagdadaanan doon ang mga tao. Ang sabi niya, "May gusto akong sabihin sa iyo."

55 At sinabi niya sa akin na nanaginip umano siya, na parang dito raw sa Indiana, ay may isang mahaba at malawak na damuhang burol at inagos ng tubig ang lahat ng lupa mula doon sa tuktok. At nagmistula itong isang bato — - tulad sa isang ulong napanot —- doon sa tuktok ng bundok. At dito raw sa batong ito ay may kakatwang bagay na nakasulat. At ang sabi niya, nakatayo raw ako roon kasama ang lahat ng mga kapatirang lalaking dito nakatira sa malapit sa iglesia, at ipinapaliwanag ko umano ang nakasulat. At nang matapos kong ipaliwanag ang kabuuan nito, kung magkagayon, kung paano man iyon, kung tama ang pagkaunawa ko sa panaginip, ay may hawak daw akong isang bagay na parang bareta, o isang uri ng bareta de kabra o kung ano man iyon (O —- hindi pala bareta de kabra, ang ibig kong sabihin ay isang baretang panungkab o kung ano man iyon.) at tinapyas ko ang tuktok ng bundok na iyon at iniangat ko iyon. At ang loob nito ay puting bato, isang uri iyon ng granito o ganoon ang uri nito, isang puting batong walang sulat. At sinabi ko sa mga kapatirang lalaki, "Manatili kayo rito at tingnan n'yo ito, at Ako'y..." Habang nakatingin silang lahat, palihim akong umalis sa kalagitnaan nila at nagsimula akong magtungo sa kanluran. At ang sabi ni Brother Jackson ay nakita raw niya akong lumampas sa isang burol, at pagkatapos ay isa pa, paliit ako nang paliit patungo sa kanluran. Tandaan n'yo iyan.

56 Buweno, ang interpretasyon niyan, ano pa't ibinigay muna iyon dito sa simbahan bago iyon natupad... Na ito ang oras, sa paniwala ko kung kailan ang buong kapahayagan sa nagdaang kapanahunan ni Luther, ni Wesley, at ni John Smith, ni Alexander Campbell, at ng iba't-iba pang mga taong nangaral sa Biblia... At tinunghayan natin ang Biblia at nakita nating may lalabas na Mensahe ng ikapitong anghel. At sa pagtunog ng Mensahe ng ikapitong anghel, ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay maihahayag na. Kung magkagayon ay darating ang pitong mahiwagang mga kulog.

At ngayon, kung huling panahon na itong kinabubuhayan natin, kung saan ay dumaan na tayo sa pag-aaring ganap, pagpapabanal, bautismo ng Espiritu Santo; at nagkaroon na tayo ng mga tanda at mga kababalaghan, at lahat ng iba pang mga bagay... At ang mga kaloob ay bumalik na sa iglesia, tulad ng: pagpapagaling, at panghuhula, at pagsasalita sa iba't-ibang wika, at pagpapaliwanag. At bagama't labis itong naipakita sa maling paraan, gayon man, hindi pa rin naalis nito ang katotohanang may mabuti, may totoo, at tunay na kaloob ng pagsasalita sa iba't-ibang wika na dapat sana'y mananatili sa iglesia. Kta n'yo?

57 Napakarami nating mga panggagaya. May mga taong tumatayo at sumusubok na mag-astang Cristiano samantalang hindi naman umaayon ang kanilang mga buhay, kaya may kung anong mali. Ang sabi ni Jesus, "Sa kanilang mga bunga ay makikilala ninyo sila." Kita n'yo? ganiyan ninyo makikilala ang isang Cristiano, sa paraan ng kaniyang pamumuhay. Kaya huwag kang lulundag nang mas mataas kaysa sa pamumuhay mo. Kung gayon ay iyo na lamang... Ngunit doon ay... Ngunit isa iyong demonyong gumagawa ng pantaboy ng uwak upang ilayo ang mga totaoo at tunay na mananampalataya sa tunay na bagay. Ngunit tulungan nawa tayo ng Diyos na magbukod at kumilala ng tama at mali. At sa tuwina ay itinutuwid iyon ng Salita.

Ngayon, nalaman nating sa loob nito, sinabi ko sa inyo na ang interpretasyon sa bato ay... At ang Bato ay si Cristo na nasa panaginip ng kapatid na lalaki. At iyon ang Biblia. At sa lahat ng mga taong ito, ang Biblia ay binigyan ng maling pagpapaliwanag ayon sa iglesia. At dahil ang huling kaloob ay naidagdag sa Kapanahunan ng Laodecia (At ito ang pagkakataon ng ikapitong anghel upang mangaral sa Kapanahunang Laodecia.) sa pagkakataong iyon, na napakarami nang mga bagay na kanilang nabigyan ng maling pang-unawa sa mga panahong nagdaan.

58 Tulad noong si Luther ay nangaral ng pag-aaring ganap, ngunit hinayaan niya itong mapariwara dahil hindi naging sapat ang haba ng buhay niya. At dumating naman si Wesley. At nang mawala na si Wesley bumuo naman sila ng Wesleyan church. At pagkatapos ay dumating naman si John Smith, ang Baptist; at sumunod naman si Alexander Campbel at ang iba pa. Ngunit ang mga lalaking iyon (na mga reformista) hindi naging sapat ang haba ng buhay nila upang mapagsama-sama ang lahat ng mga iyon. Kaya nga napakaraming naiwang mga dulong buhaghag. At nang magkagayon... Halimbawa, tungkol sa bautismo sa tubig, naibalik ni John Smith ang bautismo sa tubig sa pamamagitan ng paglulubog, ngunit ang gamit naman niya ay mga titulo pa rin. At marami sa mga bagay na iyon na naiwang buhaghag... At pagdating natin sa dulo, ang huling Mensahe ay inaasahang magtutuwid sa lahat ng iyon, upang ihatid ang lahat ng mga bagay na ito sa iisang pananampalataya, isang Panginoon, isang bautismo. Kita n'yo?

59 At ngayon, matapos na lubusang maipaliwanag ang Biblia, ay mapapansin ninyo, na nabuksan ang tuktok ng batong hugis pyramid (Hindi ito ang katuruan tungkol sa pyramid, ha, hindi gano'n 'to, sapagkat ako'y... Ang mga taong nagtuturo sa doktrinang iyon ng pyramid... Wari ko'y alam nila kung anong sinasabi nila. Wala akong anumang alam tungkol doon.) Ngunit gayon pa man, hugis pyramid iyon. Ngunit ang takip ng pyramid ay hindi kailan man nailagay doon. Nakarating na ako sa Cairo, sa Egypt —- at ang takip ay hindi kailan man lumapag, sapagkat isa iyong batong panulok, isa iyong pangulong bato. Sa iglesia Iyon ay ang batong panulok. Sa iglesiang puspos, Iyon ay ang Pangulong Bato. Kaya hindi kailan man iyon lumapag. Tinanggihan iyon: Iyon si Cristo. At darating Iyon. At naniniwala akong kapag parating na Iyon, na mabubuo ang hugis ng Iglesia mula sa pag-aaring ganap sa ilalim ni Luther, pagpapabanal sa ilalim ni Wesley, sampu ng mensaheng Pentecostal; dadalhin nito ang iglesia sa napakaliit na minoriya. At lilitaw ang isang ministeryo sa kalagitnaan ng mga tao na magiging katulad na katulad ng ministeryo ni Jesus Cristo. Iyon ang magdadala kay Jesus dito at aagawin Niya ang kabuuan nito.

60 Lahat ng mga tapat at totoong Lutheran, Presbyterian, Baptist, Methodist, at sinumang isinilang ng Espiritu ng Diyos ay aagawing kasama ni Jesus Cristo pagdating Niya. Naniniwala ako riyan. Kaiba ang paniniwala ko sa ilang mga kapatirang nating Pentecostal na naniniwalang ang mga nalabi ng iglesia ay yaong mga aagawin sa huling kapanahunan. Hindi ako sang-ayon diyan, dahil ang Diyos... Paanong magagawa ng isang tao... Paanong magagawa ng Diyos... Hindi natin dapat sabihing, "Paano Niyang magagawa?" Maari Niyang gawin kung anong ibig Niya. Ngunit ang Diyos, nangako Siya kay Luther... At sa ilalim pag-aaring ganap, iyon lang talaga ang alam nila. Kita n'yo? Ipinangako Niyang kukunin Niya ang iglesia. At Siya... Naniniwala ako sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos at sa pamamagitan ng mga Kasulatang nagpapatibay dito. Sapagkay hindi Siya dumating sa unang pagbabantay, at sila ay nangatulog, at gayon din sa ikalawang pagbabantay, hanggang sa iba pa. Sa ikapitong pagbabantay Siya darating. At iyon ang Mensahe ng ikapitong anghel. Kta n'yo? At nang dumating Siya, lahat ng mga dalagang iyon ay nagsipaglinis ng kanilang ilawan: Presbyterian, Lutheran, Baptist, sinumang isinilang ng Espiritu ng Diyos ay sasama sa pagagaw. Naniniwala akong ang Nobya ay tatawagin sa panahong iyon. Naniniwala akong may ilan sa huling araw na hindi na makakatikim ng kamatayan kundi sila'y babaguhin sa isang sandali, sa isang kisap-mata.

61 Ngayon. Ngunit tulad ng napansin ninyo sa panaginip ng Brother Jackson, na walang nakasulat sa loob ng batong itol. Iyon ang ipinunta ko sa Kanluran. Ngayon, sa katuparan nito... At sinabi ko sa inyo na isang araw ay sasabihin ko sa inyo kung anong ibig sabihin nito. Nagtungo ako sa Kanluran gawa nito. At sinabi ko sa inyo ang pangitaing maaalala ng mga tao, sa tape man o sa mga taong naririto sa umagang ito, kung kukunin nila ang "Ano'ng oras na po ba?... At sinuman sa mga kapatid na naikinig ng mga tape na wala sa inyo ang mensaheng ito, at nais ninyong sundan ito, kunin n'yo ang "Ano'ng Oras na po ba?" Bago... Maraming linggo at buwan bago iyon maganap ditol, nakita ko ang pangitaing ako raw ay nasa Tucson, sa gawing hilaga ng Tucson: iyon ay sa silangan ng Flagstaff, sa hilagang Tucson at ako raw ay nagtatanggal ng mga amorseko sa binti ng aking pantalon at i —- isang pagsabog ang magaganap na tila yayanig sa buong lalawigan. Ilan ba sa inyo ang nakakaalala? Tama. Yayanigin umano nito ang buong lalawigan...

62 Buweno, nagkataong kahit paano ay may isang lalaking naririto ngayong umaga na nakatayo roon nang maganap iyon. Sa katunayan ay niyanig nito ang mga bato at sumambulat ang mga ito mula sa bundok. At ngayon, sila ay... Nalaman natin na sa pagkakataong iyon ay nakakita ako ng pitong mga Anghel na nasa anyong pyramid na bumulusok at dinampot nila ako. At dinala nila ko sa silangan upang buksan ang Pitong Tatak para sa Diyos. Kung wala pa sa inyo ang mga iyon... Kung magtatagal pa si Jesus, at ako'y... Ang mga apo ko, ang mga anak ni Paul... Iyan ay mananatiling walang hanggang katotohanan ng buhay na Diyos. Ngayon, iyon ay upang malamang ito ay selyado roon sa loob ng bundok. Hindi iyon isinulat. Kailangan iyong ipaliwanag. At nang magbalik ako, ang unang Anghel sa unang gabi, binuksan Niya ang Selyo nang salungat sa anumang narinig natin sa buong buhay natin. At lahat ng pito ay gayon ding nagsilabas. Alam n'yo iyon. Naririto kayo nang maganap iyon: marami sa inyo.

At ngayon, hindi ko alam iyon noon, ngunit saa…

63 Brother Fred Sothmann... Alam kong naririto siya. At tiyak na tiyak kong naririto si Brother Norman. Kami ay nasa... Kinailangan kong magtungo sa Houston upang iligtas ang binatilyong iyon sa silya elektrika. At nang magbalik ako roon, at nangaso ako roon kasama ng mga kapatiran. At nang umagang iyon, nakatayo ako roon at nag-aalis ng mga amorseko, o ng kung tawagin nila doon ay "goat-heads", mga butil iyon ng amorseko, na nakakapit sa binti ng aking pantalon. At naganap ang pagsabog nang ayon na ayon sa pagkakasabi Nito. Tama ba, Brother Fred? At na —- na —- napalundag marahil ako nang napakataas mula sa lupa. At nasa may ulunan ko lang ang mga Anghel ng Panginoon na naghatid ng mensahe sa akin na magbalik ako rito upang buksan ang mga Tatak na ito. Bakit dito? Bakit sa Tabernakulo? Bakit hindi doon ko iyon ginawa? Sapagkat nangako ako sa aking iglesia at sa Diyos, na anumang bagong mensahe ay mangagagling sa Tabernakulong ito, irerekord iyon dito. At tinulungan Niya

akong tuparin ang salita ko na ako'y manatili rito upang gawin iyon... At pagkaraan noon bumalik ako agad-agad.

64 At ngayon, hindi ko alam na noon palang pagkakataong iyon, kinukunan pala nila iyon ng mga litrato, ng mga siyentipiko, habang bumababa ang mga Anghel mula sa kalangitan upang ihatid ang mensaheng ito. At naaalala n'yo ba, sinabi kong yaong isang nasa kanang bahagi ng kumpol na iyon ay medyo nakausli ang dibdib, at ang Kaniyang mga pakpak ay... Naaalala n'yo bang lahat na sinabi ko iyon? At kung paanong pinagmasdan ko siya? Kakaibangkakaiba siya sa lahat. At hindi ko alam na kinukunan pala nila Iyon ng litrato, 'pagkat dali-dali akong nagpunta sa silangan. Ngunit pag-uwi ko sa Tucson, nakalathala na sa mga pahayagan na nkita umano iyon halos sa buong bansa o hanggang sa Mexico, lahat ng mga Estado sa silangan. At sa palagay ko ang "Courier" dito... Nalathala Iyon sa Associated Press. Ilan ba sa inyo ang nakakita ng mahiwagang ulap sa langit? Tignan nga natin ang mga kamay. At ngayon, kinuha iyon doon ng "Life" Magazine, ang tungkol sa pagpapakita... Ngayon, heto iyon, naroon ako noong pagkakataong iyon. Nakikita ba ninyo ang pyramid o ang Ulap? Nakatayo ako sa gawing ibaba lang nito. At doon... Nakikita ba ninyo ang kapansin-pansing Anghel sa gawing kanan? Nakikita ba ninyo ang patulis na pakpak Nito? Talagang kung paano'ng sinabi. At naririto ang mga panayam na naganap sa Mexico at sa iba't-ibang dako kung saan nakunan ang litrato. Ngayon, ang siyentipikong ito ay nagsisikap na makakuha ng lahat ng impormasyong maaari niyang makuha tungkol sa litrato, tugkol sa mga taong may hawak ng litrato. Pinag-aaralan niya iyon.

65 Ngayon, sinasabi niya rito na imposibleng ulap iyon, sapagkat ang hamog ay hindi lumalampas ng higit sa —- wari ko'y anim o walong milya ang taas, mga gano'n. Kapag nangingibang-bayan tayo, karaniwan ay lumilipad tayo ng labing siyam na libong talampakan; nasa ibabaw na tayo ng mga bagyo sa gayong taas. Ngunit ang ulap na ito, ayon sa artikulo ng siyentipikong ito, ay dalawampu't anim na milya ang taas. Lampas na iyon ng napakaraming milya sa kinaroroonan ng hamog. At ang sabi niya, matapos niyang suriin ang lugar... At ngayon, alam ninyong ako'y... Ilan ba ang nakakaalala na sinabi ko sa inyo, "Ang katunog nito ay sound breaker ng isang eroplano?" Naaalala n'yo ba? Ngunit walang eroplano noon sa distritong iyon. Iyon ang sabi ng aklat na ito. Sinuri nila iyon. Walang eroplano roon sa itaas. At unang-una, hindi maaaring... Ang usok sa likod ng eroplano ay pawang hangin lamang na nabulabog, hamog lang iyon. 'Pagkat nahihigop iyon ng dumadaang bagay, gaya ng jet. Habang hinahatak nito ang sarili, nabubulabog nito ang mga hamog sa himpapawid. Hindi maiiwasang mamuo iyon kung mayroong jet doon, sapagkat kinakailangang nitong... Iyon ang nagpapasulong dito. At ang hamog ay bumubuntot dito.

66 Ngunit heto iyon, milya-milya ang taas sa dakong maaaring pamuuan ng hamog, at wala noong eroplano sa distritong iyon. At hndi maaaring mamuo ang hamog doon sa itaas, at maghapon iyong nanatili roon. Tatlumpung milya ang lapad, dalawamput anim na milya naman ang taas. Nakikita ba ninyo? Katulad din ng litratong naroroon, nang sabihin ko sa inyo, "Ang Anghel ng Panginoon ay parang isang Haliging Apoy," maraming taon na ang nakaraan, bago iyon malitratuhan. Ipinakilala ng Diyos sa siyensya na katotohanan nga iyon. At tungkol dito sa propesiyang naibigay, pinagpatotoo ng Diyos ang Siyensya na katotohanan nga iyon. Ngayon, saan tayo nakatayo? Nais kong itago ito, sapagkat maaari kong kausapin ang isa kong kaibigang naririto ngayong umaga na isulat ang Pitong Tatak na iyon. Marahil ay nais niyang gamitin ito para doon. Kaya, may kopya ka ba nito... Aba'y kung mayroon ka, itabi mo't nang magawa mong reperensya. Kita n'yo?

67 Ngayon, nais niyang malaman, ngunit anong buting magagawa kung sabihin man iyon sa kaniya? Tatawanan niya iyon. Magtatawa lang siya. Kaya't huwag nating itatapon ang mga perlas nang ganiyan. Subalit alam natin, alam ng iglesia, at alam ng Diyos na katotohanan ito.

At habang ako ay nananalangin tungkol sa paksang ito, iniisip ko kung anong mangyayari sa akin, at alam n'yo ba kung saan ako naroroon? Sa hilaga ng Tucson, silangan ng Flagstaff, tamang-tama, ang kinaroroonan ko, kung saan ako tatayo, sinabi ko iyon sa inyo maraming buwan bago iyon maganap. At tamang-tama, ayon sa pahayagang ito at sa iba pang mga pahayagan —- o sa magasing ito, at sa ating mga patotoo, na doon nga iyo naganap. Ang Diyos ay sakdal at hindi maaaring magsinungaling. At magaganap nga iyon. Kita n'yo?

68 Naaalala ba ninyo sa tape na, "Sirs, What Time Is It? Sinabi ko roon, "Tandaan ninyo, may mahalagang bagay na napipintong maganap." At ngayon ay pinagpatotoo nito ang buong bansa. Bawat pahayagan sa Associated Press, at isa sa mga pangunahin nating magasin, at lahat ng iba pa ay nagpapatotoo tungkol dito, hindi pa ito natatapos. Ngunit napakapalad ng bayan natin, napakapalad ng liping Cristiano, na malamang sa madilim na panahong ito kung kaila'y wala nang pag-asa ayon sa siyensya, maynakumang nang bomba atomika para sa atin. At walang pag-asa sa pagsasama-sama ng ating mga organisasyon, ang mga ito'y nagkakaisa na sila sa tatak ng hayop... At kung kailan lahat ng ating pag-asa sa gayong paraan ay wala na sa ating ekonomiya, sa ating pagsasama-samang Cristiano sa pagitan ng mga organisasyon... Patungo na ito sa Catolisismo, na siyang magiging tatak ng hayop sa malaking kapisanan ng mga iglesia.

Ngunit yaong mga umiibig sa Diyos at naghahanap ng isang katunayan ang... Ang Diyos mismong nangako sa Biblia, ang naglaladlad nito sa ating harapan at nagpapakilala sa mga iglesia, at sa mga tao, at sa siyensya, at mga magasin, at iba pa na Siya'y Diyos pa rin at magagawa Niyang tuparin ang Kaniyang pangako. Napakagandang panahon ito.

69 At sa Sabino Canyon nang umagang iyon, habang ako'y nananalangin at nag-iisip kung anong mangyayari, nakaunat ang mga kamay ko sa Diyos sa tuktok ng bundok na iyon, ay lumitaw sa aking kamay ang Tabak na iyon na may puluhang perlas, pati na ang pangalang nito, at may mahaba itong talim na mga tatlong talampakan ang haba, at kumikinang itong tuladd sa isang takuring bakal o —- o parang nikilado, sintalas ng labaha; at hindi ko alam kung ano iyon. At ang sabi ko, "Takot ako sa ganitong mga bagay."

At sa pagkakataong iyon ay nangusap ang isang Tinig na yumanig sa kabundukan, at nagsabing, "Ito ang Tabak ng Panginoon." At ang Tabak ng Panginoon ay ang Salita ng Panginoon. Sapagkat ang Salita ng Diyos ay mas matalas pa sa tabak na may dalawang talim.

70 At nang magbalik ako roon... Noon ay may isang magiting na kapatid na lalaki dito sa iglesia, dati siyang sundalo at halos magkalasug-lasog ang katawan niya nang masabugan siya sa army, at inihiga siya roon at ipinalagay nilang patay na siya; at ang sabi niya, siya raw ay... Hindi nila... Hindi akalain ng mga medic na mabubuhay pa siya at sa tingin nila'y hindi na siya dapat galawin, masyadong malala ang tama niya. Ang mga pangunahing ugat sa kaniyang binti ay nagputukan, at halos ay maputol ang braso niya sa pagsabog na iyon, ang binti niya —- ang isang binti niya ay naputol at lahat na. Ngunit nakasumpong ng biyaya ang Diyos at isang araw ay iniligtas Niya siya at pinagaling.

Siya, si Brother Roy Robertson, ay naroroon nang kunan ang litratong iyon sa Houston. Kung paanong sinabihan ang kaniyang maybahay sa isang pangitain, kung anong gagawin niya sa araw na iyon, at kung paanong may karamdaman siya noon, at gagaling umano iyon. At dahil doon kaya siya naging mananampalataya. Ngunit siya, palibhasa'y sundalo ay medyo (Sana mapatawad niya ako sa pangungusap na ganto...) medyo may katapangan siya, mahigpit siya; palautos siya (Nauunawaan n'yo ba), sa army kasi palibahasa'y marami siyang tauhang inuutusan, kinakailangan niyang manigaw, at, sabihin "Sumunod kayo." Naiintindihan n'yo ba? At —- at gayon pa man ay isa siyang mananampalataya. Ngunit sa patuloy niyang pagsisimba at dahil nakikita niya ang mga bagay na sobrenatural, ang sabi niya, "Naniniwala ako riyan, ngunit para iyan sa iba."

71 Isang gabi ay ginising siya ng Panginoon, isang umaga pala. Nakaupo kami, siya at ako, para daw kaming nasa Jerusalem sa hapag ng Komunyon ng Panginoon, at nagsasalita raw ako. Hindi niya raw maintindihan ang sinasabi ko. At si Brother Roy, nakaupo siya ngayon dito, nakatingin siya sa akin ngayon, nakita niya iyon. At tinawagan niya ako doon sa Arizona... O sinulatan niya pala ako at tinawagan ko siya. Ang sabi niya, "Nakaupo ka roon, Brother Branham, at nakita kong pumasok doon ang malaking Haliging Apoy at knuha ka Nito at inilayo ka Nito sa hapag ng Panginoon, at humayo ka patungo sa kanluran." Nakaupo kasi siya sa gawing silangan at pinanonood niya ako habang patungo ako sa kanluran, at saka pumasok ang Liwanag na iyon at dinala ako sa labas.

Ang sabi niya nangyari iyon isang umaga na parang isang pangitain. Bumangon siya sa higaan ng mga ika-3 o ika-4 ng umaga, mga ganong oras, at nakita niya ang pangyayaring iyon. At ang sabi niya ay nagsisigaw daw siya, tila sa loob ng maraming araw, "Brother Bill, magbalik ka." At kami ni Roy ay naging tunay na magkapatid. Nagsama kami sa isang tirahan, at magkasama kaming nangangaso, at sadyang magkapatid ang turingan namin. At sigaw siya ng sigaw sa katatawag sa akin hanggang sa mamaos siya, "Magbalik ka. Ibalik Mo siya, ibalik Mo siya." Habang umiiyak siya, ang sabi niya, ako daw ay... Nagbalik ang Haliging Apoy na iyon, o isang Ulap pala ang nagbalik, at inilagay ako Nito sa kabisera, at nabago umano ang aking anyo at nag-iba ang itsura ko sa paningin niya. (Inilalatag ko rito para sa isang bagay na nais kong alalahanin.) Ang pagbabago... (nang ibigay ko sa kaniya ang paliwanag.)

72 Nangyari ito bago ako magbalik para sa Pitong Tatak. NAng magbalik ako para sa Pitong Tatak, ako ay... Isang umaga ay tinawagan niya si Billy, at nais niya akong makausap. At abala ako noon, nananalangin ako para sa Pitong Tatak, at sinabi niya sa akin ang tungkol sa... Nangyari daw iyong muli at naulit pa nga. Brother Roy, kung magkakamali ako rito, tawagin mo ang pansin ko. At ang sabi niya, nagisingndaw siyang muli isang umaga, wari ko'y maagang-maaga na naman, at tumingin siya sa silid at nakita niyang muli ang malaking Liwanag na ito, o isang Ulap sa ibabaw ng isang bundok. Tinanong niya ako di pa katagalan, "May kahulugan ba ang ulap na nasa ibabaw ng bundok..." At ang sabi ko..."... sa Biblia?"

At ang sabi ko, "Oo, nang sina Pedro, Santiago,at Juan ay dalhin doon sa itaas, nilukuban ng ulap ang Panginoong Jesus. At —- at ang Diyos ay nagusap, ang sabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak." Nangaral ako rito tungkol sa bagay na iyan, di pa katagalan, isang maikling mensahe, upang maintindihan ng mga kapatirang nakikinig sa tape, "Pakinggan n'yo Siya". Sa palagay ko naman ay nasa inyo na ang tape nito. Tiyak ako.

73 At ang sabi niya ay umakyat daw siya sa bundok. At pag-akyat niya, nakatayo raw ako roon. At may isang Tinig na dumating mula sa Ulap (Hindi ba, Brother Roy?) at nagsabi ng ganito: "Ito ang lingkod Ko. Tinawag Ko siya upang maging propeta sa kapanahunan, upang pamunuan niya ang mga tao tulad ng ginawa ni Moises. At pinagkalooban siya ng kapamahalaan. Magagawa niyang magsalita at malilikha ang mga bagay-bagay." Isang bagay iyon na katulad ng ginawa ni Moises, tulad nang magsalita siya at dumagsa ang mga langaw. At alam na natin ang tungkol sa mga squirrel at iba pa, at ang mga bagay-bagay na naganap na. Si Hattie Wright na nariyan ngayon sa likuran, sa palagay ko'y alam niya kung anong nangyari sa bahay niya. At sinabi Niya sa kaniya na ginawa ko kung anong ginawa ni Moises.

74 At ako'y... Sinabi Niya yon sa akin nang magtungo ako rito matapos ang isang paglalakbay. At sa isip ko, nakapagpasya na akong magpunta kina Bud, sapagkat hindi maganda ang katayuan niya roon bilang isang mangangaso.

Bago ako umalis dito, marahil ay isisingit ko ito. At nagmamadali tayo. Nanaginip ako ng isang nakakatawang panaginip, isang kakatwang panaginip. At sana kung mapapasakamay ito ng aking bayaw, huwag sanang masaktan ang damdamin niya. At sana naman ay hindi ko masaktan ang damdamin ng aking asawa, na nakaupo rito ngayon. Ngunit alam niyang maraming buwan nang nakakaraan, bandang, buweno, mga bandang Oktubre o Nobyembre iyon nang mapanaginipan kong ako daw ay nagpapagala-gala sa kadiliman, at ako'y... Buweno wala umano akong mapuntahan at walang nagmamalasakit sa akin. At naging isa akong palaboy, I —- isa raw akong palaboy. At giniginaw daw ako at pagtingin ko sa malayo ay nakakita ako ng apoy. At nang puntahan ko, isa pala iyong tambakan ng basura ng lungsod. At may mga hukay, at ang apoy ay nasa mga hukay na ito. At ang pagitan ng mga hukay ay madulas kung saan natutulog ang mga palaboy upang magpainit (para hindi sila manigas sa lamig) sa pagitan ng mga apoy na ito sa maginaw na gabi ng taglamig. At gi —- giniginaw ako. At lumapit ako sa apoy upang magpainit, at napakaraming mga palaboy na nakahiga roon, at sila'y... Hindi ko nakita ang isa man sa kanila, ngunit lahat sila ay may mga mumunting kubol o puwestong tinutulugan. At nakita ako ang bayaw ko, si Fletcher Broy.

75 At si Fletcher, tandang-tanda ko siya. Isa siyang mabait na bata. Ngunit marahil ay magsisilbing aral ito sa mga bata. Naaalala ko ilang taon na ang nakakaraan ang isang guwapong binatang ang ngalan ay James Fletcher Broy, at napasama siya sa maling barkada, at sa unang pagkakataon ay uminom siya ng alak. Naaalala kong tinawagan niya ako nang palihim sa bahay namin. At ang ama niyang maraming taon nang sumalangit, ay nasa labas at tumutugtog ng gitara, "Sa malayong burol, tanaw ang Kaniyang krus."

At tinawagan akong muli ni Fletcher; ang sabi niya, "Brother Bill ipanalangin mo ako. Pakinggan mo ang awit na tinutugtog ni tatay, at napainom ako sa araw na ito."

At ang sabi ko, "Fletcher..." Mga labingwalong taong gulang siya noon, at ang sabi ko, "Huwag mong tahkin ang landasing iyan." Ngunit hindi siya nakinig; naging sugapa siya sa alak. At iniwan siya ng kaniyang asawa, at ng kaniyang mga anak... At sa mga oras na ito siya ay sadyang... At alam ng Diyos na mahal ko siya.

Ipinapanalangin ko siya, sadyang isa siyang palaboy. Ipinapanalangin ko siya di pa katagalan; nasaktan siya, habang naririto ako tinatalakay ko noon ang Pitong Tatak. Ang sabi ko, "Fletch, mayroon akong dalawang amerikana doon sa itaas na gusto kong ibigay sa iyo." Ang sabi niya, "Huwag, Brother Bill." Ngayon, alam kong wala siyang damit. At ang sabi ko, "Bakit di mo tanggapin ang mga damit?"

Ang sabi niya, "Huh, uh." At tumingala siya sa akin at aniya, "Alam mo kung anong gagawin ko sa mga iyon: isasanla ko at maglalasing ako."

At ang sabi ko, "Bibigyan kita ng kaunting pera, Fletch.

Ang sabi niya, "Huwag, huwag mong gagawin iyan, Brother Bill. Ayaw kong gawin mo iyan." Isa siyang tunay na lalaki sa puso, ngunit naging sugapa siya sa alak at naging palaboy. At ang maybahay niya ay nalihis ng landas. At, oh, lahat na lang ng problema ay nangyari sa kawawang lalaking iyon.

76 At nang magising ako... Bago ako magising, sinabi sa akin ni Fletch, sinabi niya sa panaginip... Ang sabi, "Billy, i —- ihahanap kita ng lugar, Brother Bill. Pinakain mo ang mga anak ko nung nagugutom sila." Ang sabi pa, "Naging isa kang ama para sa kanila. Ngayon, ihahanap kita ditong lugar kung saan ka maaaring magpainit." At naglakad kami sa tabi ng mga lugar ng mga palaboy at sa wakas ay nakarating kami sa isang lugar, ang sabi niya, "Uupo ako rito."

At ang sabi ko, "Lalakad ako rito at titingnan ko kung may makikita akong lugar."

At lumakad ako at tumanaw sa madilim at malamig na gabi. At naisip ko, "Isipin mo. Noon, itinulot ng Diyos na Makapangyarihan sa Lahat na pamunuan ko ang Kaniyang Iglesia. Noon itinulot Niyang ipangaral ko ang Kaniyang Ebanghelyo at makita kong naliligtas ang mga tao. Ang mga kalalakihan at kababaihan ay nagdaratingan mula sa buong mundo para lang makausap ako ng ilang sandali. At heto ako ngayon, isang palaboy; walang may gusto sa akin. At giniginaw ako. At anong kailangan kong gawin?"

Pagkatapos ay nagising ako.

77 Sinabi ko sa maybahay ko; ang sabi ko, "Marahil ang ibig sabihin nito ay may pangangailangan si Fletch." Kaya nagmadali kami upang malaman kung makikita namin siya. At nakita siya ng kaniyang kapatid. Namamalagi siya dito sa isang —- sa mga "Weidners", kung saan ay nagnenegosyo sila ng mga kabayo at iba pa; natutulog siya sa isang sulok ng kamalig o kung anuman. At nagpatuloy ako. Naisip ko, "Buweno, sadyang kailangan nating hayaan na lang iyon."

Kaya nagbalik ako mula sa Canada kasama sina Fred at ang iba pa nung isang araw. At sa isip ko, nakapagpasya na ako, "Kung ayaw dinggin ng mga taong ito ang mensahe ko, hindi bale na, hindi nila kailangang pakinggan ito." Mga apatnapu't limang taon na akong nangangaral. At sa nakaraang labinglima, labingwalong taon ay wala akong nagawa kundi... Ang Panginoon... Sinikap kong mamuhay nang napakalapit sa Kaniya at huwag magsabi ng isa mang salita malibang sabihin Niya muna sa akin. Ang lahat...

78 Ang sabi ng mga tao, "Ngayon, kapag sinabi sa inyo ni Brother Branham na siya'y darating, pagkatandaan n'yo, mag-abang na kayo ng isang gawain, sapagkat siya ay darating sa Ngalan ng Panginoon. Hindi siya gagawa ng anuman malibang sabihin ng Panginoon..." Tama iyon. Naghihintay ako hanggang sa sabihin Niya sa akin. Hindi ako kumikilos hanggang sa sabihin Niya sa akin. At pagkatapos ay lumayo Siya nang husto nitong nakaraang ilang buwan, hindi Siya nagsabi sa akin ng anuman tungkol sa mga lugar na dapat kong puntahan.

Pagkatapos niyon ay pumarito ako mula sa Canada at sinabi sa akin ni Fred... O sinabi sa akin ni Brother Roy ang kaniyang panaginip, habang siya at ako at si Brother Banks ay magkakasama sa sasakyan, bago kami maghiwahiwalay.

At nang sumunod na araw ay nagpunta kami kina Brother Fred, at ang anak niyang lalaking si Lynn ay nagkataong wala sa bahay, kaya hindi siya maaaring sumama sa amin. At kinailangan nilang maghintay na mag-asawa. Sinundo niya ang kaniyang asawa doon sa Rosewood, o sa Melrose, Saskatchewan.

At kami naman ni Billy Paul ay sumakay sa truck ni Brotehr Fred. Nung gabing iyon naglakbay kami nang halos buong magdamag at inumaga pa nga kami. At kinaumagahan nakalampas na kami sa Helena, Montana, at malapit na kami sa border.

At nagawa kong huwag matulog hanggang sa mag-iika-siyam na, at inaantok ako. Nakatulog ako. At si Billy naman, gusto niyang matulog hanggang mga ika-sampu kinaumagahan, kung kailan mataas na ang sikat ng araw. Kaya napakaganda naming magsama sa biyahe.

79 Kaya gumising ako ng mga ika-apat at nagsimula akong magmaneho. At natutulog pa si Billy. At nakarating kami sa isang lugar, at naisip ko, "Alam mo? Isa sa mga araw na ito, pagkapanhik na pagkapanhik ko sa maybahay ko doon... At hindi ko sasabihin sa kaniya kung anong gagawin ko. Ngunit aakyat ako roon. At pagkatapos ay saka ko na sasabihin sa kaniya, "Gustunggusto ko ang lugar na ito, hindi na natin kailangang magpunta pa sa ibang lugar. Dito na lang tayo mamalagi." At iyon ay doon sa likod ng sibilisasyon labing-isang daang milya ang layo saan ka man manggaling (Kita n'yo?), sa kasukalan ng kagubatan. At naisip ko, "Naku, di ba't magiging napakaganda niyon? Hindi ko kakailanganing magpagupit, at di ko na kinakailangang magbihis nang magara. Magiging isa na lamang akong pangkaraniwang tagabundok, na simula't sapul ay siya kong gustong mangyari." At ang sabi ko, "Kukuha ako ng ilang mga baril, at binigyan din ako ng ilang mga tao... At magiging pinakamahusay akong giya sa lahat. Sadyang magugustuhan ko iyon. At kung uutusan ako ng Panginoon na bumaba at sabihin ang isang bagay sa kung kanino, hahangos akong palabas upang sabihin iyon sa kanila at magbabalik akong muli. At tutulungan ko si Bud, at magkakaroon kami ng isang tunay na lugar dito." Iniisip ko ang tungkol doon.

80 Nagpunta kami sa isang restaurant para kumain (isa iyong maliit na kainan doon sa kabundukan) mga ika-pito pa lamang iyon. Medyo tumatanghali na, kaya ginising ko na si Billy. Ubos na ang gasolina namin, kaya kinailangan kong magpagasolina nang kaunti, at nagpunta kami sa isang maliit na kainan, isang maliit na retawran. At habang naroroon kami, may isang lalaking tumawid ng kalsada, marahil ay matanda lang ng kaunti sa akin, ngunit mukha siyang tunay na lalaki para sa akin. Naka-overall siya, overall jacket, nakasuot ng pangabayong sapatos, itim na sombrero, makapal ang balbas ng ganito (puting-puti), at ang buhok niya ay nakalaylay sa likod ng kaniyang sombrero. Sa isip-isip ko, "Hayun ang mukhang tunay na lalaki," para sa akin, hindi malmbot, tamad, may supalpal na sigarilyong ganiyang kahaba, nakaupo't nakasuot ng shorts, sa beranda o sa swimming pool, isang taga-silangang malaki ang tiyan, tulad ng... Ipagpaumanhin ninyo ang mga pananalitang iyon. Ngunit, gayon pa man, ang taong iyon ay lalaking-lalaki para sa akin: Matigas, magspang. Mukhang nanirahan siya sa lugar na ginawa ng Diyos upang tirhan ng lalaki. At hangang-hanga ako sa kaniya.

81 Pumasok siya sa restaurant at umorder ng ilang pancake. Mga labinglima o dalawampung katao ang

naroroon. Kinailangan niyang humatsing. Alam n'yo ba kung paano ang ilang mga tao [Ginaya ni Brother Branham ang pigil na paghatsing - Ed.]... (Ipagpaumanhim n'yo.) ngunit humatsing siya nang napakalakas: Ker-choo-ee! Naku, para iyong humahagibis na hangin. At nang gawin niya iyon, walang nangahas na magsalita anuman. Wala po. Ang sabi ko, "Billy, iyan ang isang lalaking kinalulugdan ng puso ko." Ang sabi niya, "Ay, tatay, hindi mo gustong maging..." "Ganiyan ang... Iyan ako sa hinaharap." Kita n'yo? Ang sabi ko, "Iyan ako."

82 At sandali pa akong umupo roon, at tiningnan ako ni Billy at itinuloy niya ang pagkain niya ng pancake. At naubos ko na ang sa akin. Ilang sandali lang, may isang tao sa loob ng booth, at hindi ko makita ang kabuuan nito. At may isang lalaking tumayo na ang nayo ay katulad na katulad ko, mga pitumpu't limang taong gulang, maliit siyang lalaki, at ang damit niya ay nakabuhol, raged. At yun namang kaibigan niyang kasama niyang tumayo ay kamukha ni Fletcher Boy, kamukhang-kamukha: nakalaylay ang puting buhok sa kaniyang mukha. At lumingon so Billy at ang sabi niya, "Daddy, para silang kayo ni Fletcher." Isip-isipin na lang ninyo kung anong naramdaman ko. At ang maliit na lalaking kamukha ko ay pasuray na nagtindig. Inyong At matagal siguro silang nakatayo sa harap ng isang siga, nalulukuban sila ng usok, ang dudungis ng kanilang mga mukha. Sa palagay ko ang almusal nilang dalawa... Siguro dalawampung sentimo ang ibinayad ng mama: marahil para sa isang basong kape o kung ano. Lumundag ang puso ko sa kalooban ko. At nagmasid ako. At ang sabi ni Billy, "Ano'ng problema mo?"

Ang sabi ko, "Wala." At pinagmasdan ko iyon. At tumalikod sila at lumabas.

Ang sabi niya, "Daddy, anong problema?"

Ang sabi ko, "Wala." At sumakay na siya sa kotse. Ang sabi ko...

Ang sabi niya, "Ayos lang ba kung magmamaneho kang muli?"

Ang sabi ko, "Hindi."

Ang sabi niya, "Inaantok pa rin ako."

83 Kaya natulog siya, ata pumaspas ako sa daan nang mga limampung milya bawat oras sa truck, paakyat sa mga bundok, papunta ng border, pababa ng —- pauwi ng Arizona, ngunit papasok na ako sa Utah. At pagdating ko roon, kabababa pa lamang namin sa kabundukan, mga dalawampung milya ang layo sa labas ng syudad... Tulad ng... Narinig na ninyo iyon, tulad ng sinabi ko sa inyo, tungkol sa umagang iyon, tungkol sa mga squirrel at lahat ng mga bagay na ito, kung paanong may isang bagay... May kumausap sa akin, isang tinig tulad ng naririnig ninyo ang aking tinig. Alam kong para itong kabaliwan. Ngunit tulad ng katatapos ko pa lamang ipahaayag, "May sinabi na ba ako sa inyong anumang bagay na hindi tama?" At may isang Tinig na nagsalita. Kinausap ko iyon.

Ang sabi Nito, "Ituloy mo ang mga plano mo at magkakaganoon ka nga." Ang sabi ko, "Panginoon, ayaw kong magkaganoon."

Ang sabi, "Papunta rin doon ang iyong maybahay. Hindi siya mabubuhay doon sa gayong mga kabundukan. At ikaw ay magiging palaboy tulad ng ipinakita sa iyo ng panaginip mo."

Ang sabi ko, "Ayaw kong magkaganoon, ngunit ang... A —- a —- ayaw kong mamuhay nang gayon. Na —- nais kong gumawa ng isang bagay na kakaiba. Ngunit ang sabi nila ay tatawagin Mo raw ako bilang isang propeta, at nais kong manirahan sa isang tulad tulad ng propeta." Ngunit ginagamit kong dahilan iyon para ako makapangaso: para sa sarili kong kapakanan.

At ang sabi Niya, "Ngunit mga propeta iyon sa Lumang Tipan. Tinawag ka upang gampanan ang higit na mataas na opisina." Ang sabi Niya, "Mas marami kang kaloob liban pa roon; tinawag ka upang manalangin para sa mga may sakit at upang mangaral ng Ebanghelyo sa —- sa apotolikong paraan, mas marami kang alam na hi —- higit na dakilang bagay, marami kang mga dakilang kaloob." Ang sabi niya, "Bakit hinihintay mo pang kilusin kita sa tuwing kikilos ka? Nasaan ang iyong gantimpala?" Nang magkagayon at naunawaan ko. At sinabi Niya, "Naaalala mo ba? (Ang sabi Ko sa iyo...?...) Naaalala mo ba ang sinabi sa iyo ni Brother Roberson sa iyong panaginip, sa panaginip niya, o sa pangitain niya? Na ginawa mo ang tulad ng ginawa ni Moises; kinaligtaan mo ang damdamin ng iyong lipi. Kinaligtaan mo ang katawagang ipinagkaloob Ko sa iyo."

84 Pinabayaan kong nakahiga ang mga may sakit. Nais kong sabihin sa akin ng Panginoon kung saan ako dapat pumunta at kung saan hindi. Mali iyon. Nagkaroon ako ng complex, , sapagkat hindi pinakinggan ng mga tao ang aking mensahe. At kung inyong... At huwag nawang itulot ng Diyos na sinubukan kong ihambing ang buhay ko ngayon kay Moises, ngunit iyon nga ang ginawa ni Moises. Ayaw siyang pakinggan ng mga tao nang dumating siya upang sila'y palayain, kaya naiwan niya na lang sila at nagtungo siya sa ilang, ngunit pinabalik siya ng Diyos. At matagal na niyang nalimutan ang bayang nagdurusa.

At pagkatapos ay sinabi ko, "Panginoon, kung... Paano kong... Tama. Dahil wala akong naabot kundi mababang paaralan lamang, paano ko magagawang... At ang mga tao ay magsisitayong magkakatabi at sa lahat ng dako upang pakinggan ang payak na Ebanghelyo." Higit nga ito; higit itong dakila ngayon kaysa sa lumang tipan. Pumanhik Siya sa kaitaasan at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao (Kita n'yo?), si Jesus Cristo ay hindi nagbabago kahapon, ngayon at magpakailan man. At habang nangungusap ako ay narinig ko Iyong nangungusap sa akin. At iniwan ako Nito.

85 At ang sabi ko, "Billy." At mahimbing ang tulog niya. Ang sabi ko, "Billy, ikaw ba iyon?" At ni hindi siya nagising.

At naisip ko, "Panginoong Diyos (Binagalan ko ang patakbo sa kotse.), anong ibig sabihin nito?"

Ang sabi ko, "Billy. Billy."

Ang sabi niya, "Anong kailangan mo?"

At ang sabi ko, "Kinakausap mo ba ko?"

"Hindi, bakit?"

At ang sabi ko, "May gusto akong sabihin sa iyo. Nakapanaginip ako ng isang panaginip di pa katagalan. Naaalala mo ba nang makita mo ang mga lalaking iyon, na kamukha ni Fletcher? Tanungin mo ang nanay mo pagbalik mo sa Tucson; sinabi ko sa kaniya ang panaginip na ito. At Billy, may nagaganap. Kasalukuyan itong nagaganap ngayon. May kumakausap sa akin, at ang akala ko'y ikaw iyon."

86 Tiningnan niya ako nang may pagtataka at naghintay nang sandali. Patuloy kaming naglalakbay, kaya matapos ang ilang sandali ay nakatulog siyang muli. At habang nagmamaneho ako pinag-iisipan ko, "Ano kaya ang — - ang kahulugan nito?" Binabaybay namin ang daan, nang... Bigla na lamang, mayroon na namang kumakausap sa akin.

At ang sabi Niya, "Bumalik ka. Hindi ba't sinabi Ko sa iyo nung pasimula na gampanan mo ang gawain ng isang ebanghelista? Nang tawagin Kita doon sa ilang, hindi ba't sinabi Ko, ″Kung paanong isinugo si Juan Bautista upang ihanda ang unang pagparito... Hindi ba't si Juan ay higit pa sa isang propeta?‟ Gayon nga ang sabi ni Jesus: ″Ano'ng inilabas ninyo para makita, isang propeta?‟. Aniya, ″Higit pa sa isang propeta.‟

87 Nang magkagayon ay unti-unti ko nang nauunawaan. Nagsimula akong mag-isip. Pagkatapos ay pinaalala Niyang muli sa akin ang tungkol sa mga tao. Kung paanong, ginawa ko ang ginawa ni Moises, paanong maaabot ni Moises ang mga tao kung naroon siya sa ilang? At paano kong maaabot ang mga tao kung naroon ako sa ilang? Parehong-pareho. Pagkatapos ay dumating itong II Timoteo 4. Naaalala n'yo ba nang ialay natin ang simbahan nang umagang iyon tatlumpung taon na ang nakakalipas (ilan sa mga datihang naririto), nang ipakita Niya sa akin ang mga punong iyon at itinanim ko ang mga iyon sa magkabilang gilid? Naaalala ba ninyo iyon?‟ Alalahanin ninyo ang pangitain. Lahat ng iyon ay nakasulat sa mga aklat at nasa mga tape at lahat na. Maraming taon na ang nakalipas, kung paanong nakita ko ang mga ito, at hi —- hindi ko kailan man tinuligsa ang oneness at ang trinity. Namagitan ako sa knila at itinayo ko ang mga punong ito, at ang dalawang punong iyon lang ang namunga. Ay ako'y... Lahat ng mga puno ay lumaki ng hanggang sa mga tatlumpung talampakan at pagkatapos ay tumigil na. Ang mga ito ay umaabot hanggang sa langit. Nagkahiwalay ang mga ito mula sa iisang sanga… Kita n'yo? Ang isa ay nasa isang gilid at ang isa naman ay sa kabila, at binali ko ang mga ito. Alalahanin ninyo ang pangitain. Kita n'yo? Ito'y nakasulat sa mga aklat at ito'y nasa kasaysayan ng aking buhay at lahat na. At umabot ang ito hanggang sa langit nang ganiyan, nang napakabilis. At ang sabi Niya, ″Iunat mo ang iyong mga kamay at mamitas ka ng bunga.‟ At nakita ko ang gayon ding bunga sa krus nang bumaba ako ron. At ang sabi Niya, ″Gampanan mo ang gawain ng ebanghelista, ganap mong patunayan ang iyong ministeryo. Darating ang panahon na di nila titiisin ang magaling na aral. Huwag kang titigil kung magkagayon; magpatuloy ka.‟ Lahat ng iyon ay sumagi sa aking isipan.

88 At pagkatapos ay naalala ko, itong si Marilyn Monroe, ang babaeng nakita kong namatay isang linggo bago siya mamatay, at kung paanong sinabi nilang nagpakamatay daw siya, samantalang hindi naman. Sinabi ko na sa kanila ang tungkol doon bago pa mangyari iyon, kung anong mangyayari at nangyari nga; tulad ng nangyari sa mga boksingero doon, na mapatay ng isa ang isa. Napagkamalan ko ang babae. Ibang babae pala iyon. Pinsan niya si —- si Danny Henry. Ano na nga ang pangalan niya? Jane Russel. Pinsan niya siya, isang lalaking Baptist…

At nangangaral ako sa Los Angeles sa agahan ng mga Business Men, at isang bagay iyon na nagdidiin sa mga organisasyon, at nakaupo roon ang pinuno ng Assemblies at maraming mga malalaking tao ang nagkatipon doon. At nang matapos akong magsalita at paalis na ako sa plataporma, naghahanda na akong… Dahil ang mensahe ay naipaparating sa buong bansa sa pamamagitan ng radyo, kinailangan nilang magpalit. Habang nagpapalit, nang patayin niya ang radyo, upang ipadala ang mensahe, at —- nagbalik iyon upang ipakilala ang istasyon, at naroon ako sa Clifton's kung saan kami nagalmusal… At

habang pababa ako mula sa pantaas na entablado, masy isang makisig na binatang ang gulang ay mga trenta anyos, patakbo siyang sumalubong at yumakap sa akin. Ang sabi niya, "Ako si Danny Henry." At hindi ko alam na kapatid pala saiya ng lumalabas sa telebisyon. At ang palabas nila ay kasunod jng Christian Business Men. (At si Jane Russel, ang artista, pinsan niya pala siya. Ang ina niya ay isang mangangaral na Pentecostal.)

89 At nang ako'y… Tumakbo siya palapit sa akin, at yumakap siya sa akin, at nagsabing, "Pagpalain ka ng Diyos, Brother Branham." Ang sabi niya, "Sana hindi ito maging kasalanan sa Diyos, ngunit sa tingin ko, ang mensaheng iyon ay maaaring gawing ika-23 kabanata ng Apocalipsis." At nang sabihin niya iyon, nagsimula siyang magsalita ng ibang wika, isang lalaking hindi pa nga nakakarinig nito, baptist ang denominasyon niya. At pagka-… Namutla siya at tumingin sisa sa akin; hindi niya malaman kung anong gagawin niya. May mga lalaking nakaupo rito ngayon na naroon nung pagkakataong iyon. Naroon ka ba, Fred? Ilan ba ang naroon nung pagkakataong iyon? Oo, may dalawa o tatlo dito na naroon nung pagkakataong iyon. At hindi niya alam kung anong sasabihin niya.

At may nakaupo ritong isang napakalaking babaeng Prases; tumayo siya at nagsabing, "Aba, hindi na iyan nangangailangan ng paliwanag." Aniya, "Purong Pranses iyan." Ang sabi ng binata, "Wala akong alam isa mang salitang Pranses." At isinulat niya kung anong sinabi niya.

At may isang lalaking nakaupo sa sulok; ang sabi niya, "Tama nga. Isinulat ko ang sinabi niya. Pranses nga iyon." Doon naman sa likuranm may isang makisig na lalaking kulay mais ang buhok sa nakasandal sa dingding, ang lumapit at kinumpara rin niya ang mga tala niya. Siya pala ang interpreter ng U.N. sa Pranses. At ang lalaking ito na naririto ay si Victor LaDeaux, ng Arne Vick church na naroroon, at isinulat niya iyon. At hawak ko ang interpretasyon nito.

90 Pakinggan ninyo kung magagawa kong basahin.

Ako, si Victor LaDeaux, ay isang purong Frenchman, Cristianong isinilang na muli, puspos ng Espiritu Santo. Ang tirahan ko ay nasa 809 North King Road, Los Angeles 46. Dumadalo ako sa Bethel Temple, ang pastor ko ay si Pastor Arne Vick. Isang tunay na salin ang inihahayag ko, ng propesiya na binigkas kay Brother Branham, na naibigay sa pamamagitan ni Danny Henry sa salitang Pranses, noong Febrero 11, 1961, sa agahan ng Full Gospel Business Men. Isa itong tunay na Sali ng propesiya.

Ngayon heto ang sabi: S

apagkat pinili mo ang makitid na landas, ang mas mahirap na daan, ikaw ay lumakad sa sarili mong pagpili.

Ngayon, nauunawaan ko iyon. Kinakailangan ding gumawa ni Moises ng satili niyang pagpili. Kita n'yo?)

Pinili mo ang tumpak at tamang daan —- tamang pasya, at ito ay Aking daan (ginuhitan ko ang 'Aking daan', ang Espiritu Santo kasi ang tumugon). Dahil sa napakahalagang pagpapasyang ito, isang malaking bahagi ng langit ang naghihintay sa iyo.

Napakaluwalhating pagpapasya… (Ngayon, makinig kayong maigi.)… Napakaluwalhating pagpapasya ang ginawa mo. Ito na mismo ang bubuo at tutupad ng napakadakilang tagumpay sa pag-ibig na Banal.

91 Kung mapapansin n'yo, nauuna ang pandiwa sa pang-abay. Kita n'yo? Pranses… Ngayon, ang tagasalin ng U.N. ang nagsalin niyan, at ang binatang iyon ay walang isa mang salitang alam; kailan man ay hindi pa siya nakarinig ng pagsasalita sa iba't-ibang wika. Isa siyang Baptist. Nagkataon lang na dumaan siya roon at narinig niya ang musika, at umakyat siya roon, at tumayo at nakinig sa aking mangaral.

Ngayon… "sa pag-ibig na Banal," ang Banal na Pag-ibig ay… paanong magiging Banal na Pag-ibig iyon kung hindi iyon ang Espiritu Santo? Ang Espiritu Santo ay Banal na Pag-ibig.

92 Ngayon… At nang magsimula na kaming magbiyahe ni Billy (Kita n'yo?), nagpatuloy kami sa pagbibiyahe, nakatulog uli si Billy. At may nagsalita, "Bibigyan kita ng walang hanggang tanda."

Ang sabi ko, "Panginoon, anong…" naghintay ako nang kaunti at walang nangyari. Ang sabi ko, "Ano ba ang walang hanggang tanda, Panginoon." At naghintay ako ng ilang sandali. At sa pagkakataong iyon… Nilingon ko si Billy. Tulog siya.

At nagsalita Siyang muli, "Bibigyan kita ng isang walang hanggang tanda." Ang sabi Niya, "Tumingin ka sa gawing kanluran mula sa kinaroroonan mo."

At lumingon akong ganito sa loob ng truck upang tingnan ko (nagbagal ako, alam n'yo na)… At naku, ang Espiritu ng Panginoon… Ang pakiramdam ko'y maari akong sumigaw at umiyak. Tumingin ako, at nakita ko roon ang isang hilera ng mga bundok ns may niyebe sa mga tuktok. Ang sabi ko, "Ewan ko —-

wala akong makitang walang hanggang tanda roon."

Ang sabi Niya, "Nakasulat ang pangalan mo sa kabuuan niyan."

oh, sa loob-loob ko, "Ano iyon?" At nanghina ako nang husto at nagsimula akong huminto.

At si Billy ay bumangon at nagsabing, "Anong nangyayari sa iyo?" At inalapit ko ang mga kamay kong paganito, pumapatak ang pawis mula sa aking mga kamy, iyon ay …?...

93 Ang sabi ko, "Billy, may nangyari. Dumating nag pagkakataon nalaman ko kung saan ako nagkamali. Alam kong binigo ang Diyos." At para kong naririnig ang awiting iyon at nakikita ko roon ang libu-libong iba't-ibang mga taong lumpo, pilay, bulag, at mga taong naghihingalo: nakarinig ako ng pagawit ng koro, isang tinig ng isang dakilang napakagandang tinig na umaawit: Binihag siya ng lisyang espiritu (Alam n'yo ang awit) Kapagdaka'y pinalaya ni Jesus.

Nakikita ko ang mga hahay ng mga may sakit na nakahiga sa lahat ng dako. Kinakailangan kong huminto. Hindi alam ni Billy kung anong nangyayari, at tumingala ako.

94 Huminto ako at tumingala sa bundok, at nakita ko ang pitong burol naiyon. Ngayon, narito kung nais ninyong makakita ng isang bagay. May pitong tulis sa tuktok ng isang bundok. Isang bundok, na may ilang milya ang haba. Iyon ang huling bundok bago ka pumasok sa kabilang lalawigan, wala nang mga bundok pagkatapos nito. At ang haba nito ay mula sa silangan hanggang sa kanluran, ang kabundukang iyon. At iyon ay natatakpan ng niyebe sa tuktok.

Ang una ay dalawang maliit na tulis, at pagkatapos ay isang malaking tulis… At isa na namang maliit na tulis, at isang mas malaking tulis… At pagkatapos ay isang maliit na tulis, at pagkatapos ay isang malaki, malapad, mahabang bundok na natatakpan ng niyebe. At ang sabi ko, "Panginoon. Hindi ko naiintindihan kung anong ibig sabihin nito."

Ang sabi Niya, "Ilang tulis ba ang naroroon?"

Ang sabi ko, "Pito po."

"Ilang titik ba ang nasa pangalan mo?" B-r-a-n-h-a-m, M-a-r-r-i-o-n, B-ra-n-h-a-m.

95 At mayroong tatlong ilan na litaw na mga tulis. Ang sabi Niya, "Ang tatlong mga tulis na iyon ay ang una, ikalawa at ikatlong hatak. Ang una ay unang bahagi ng iyong ministeryo" maliit na burol; pagkatapos ay ang iyong uanang hatak, napakataas. (Alam n'yo iyon, ang tanda sa kamay.)" At pagkatapos noon ay may maliit na pagitan, ang panahong inalis ako dahil sa labis na kapaguran. Marami sa inyo ang nakakaalala niyon. At dumating naman ang pagkilala sa haka ng puso ng tao, ang ikalawang hatak. Ngayon, nagkaroon ako ng iba pa, mga ilang taon ng maliliit na taluktok (Kita n'yo?), noong ang ministeryo ko ay sadyang hindi… At pagkatapos ay dumating ang iaktlo.

Ang tatlo ay bilang ng kabuuan (Kita n'yo?), ang ikatlo. Ang kasunod na tulis ay panlima, bilang ng biyaya. At ang kasunod na tulis ay pampito, bilang ng kasakdalan: ang katapusan. "Anim na araw kayong gagawa, ang ikapito ay Sabbath, ang katapusan ng linggo, ang huling panahon." Kita n'yo? At tumigil ako at ipinakita ko iyon kay Billy. At tinignan ko ang mga iyon.

At ang sabi Niya, "Yung… Mananatili ka diyan. Kung sakaling magkaroon ka ng pag-aalinlangan sa isipan mo, alalahanin mo ang lugar na ito; bumalik ka rito."

96 At sinuntok ako ni Billy sa balikat, ang sabi niya, "Daddy, tumingin ka sa silangan." At kung paanong nangyari iyon ay hindo ko alam, ngunit sa bandang silangan ng daan ay naroon ang nagliliyab na tapunan ng basurang iyon. Milya-milya ang layo sa alin mang lungsod, naroon ang isang tambakan ng basura sa gawing kaliwa ng kalsada.

Magbabalik na ako sa larangan ng pangangaral. Amen. Matanda o bata, buhay o patay, susundin ko ang Diyos hanggang sa palayain ako ng kamatayan. Nabigo ko ang Panginoon, nang hindi ko sinasadya… Kung makagawa man ako… Sinikap kong… Hayaan ninyong isingit ko ito. Kita n'yo? (May natitira pa bang tape?) Hayaan ninyong isingit ko ito. Ninasa kong makitang naipapahayag si Jesus Cristo ng walang kamalian. At pakatandaan nawa ng mga kapatiranng nakikinig ng tape na ito at gayon din ng iglesiang ito mula sa araw na ito, ang dahilan kung bakit wala kayong makitang anumang pagkakamali, at ang dahilan kaya sa lahat ng mga taong nakalipas… hindi ninyo maaaring sabihin na may isa mang bagay na naipangusap at naisagawa na hindi naganap. Hinahamon ko ang sinuman na maglabas ng alin man sa libu-libong mga bagay na naganap sa plataporma, at sa mga nangyaring pagkilala sa haka, at sa mga hula tungkol sa kung anong magaganap; naganap iyon nang tamang-tama sa pagkakasabi. Ngayon, kung ang iglesia ay naniniwala diyan, magsabi ng "Amen" nang sa gayon ay…?... [Sumagot ang kongregasyon ng "amen." -Ed] Walang kahit sinong tao sa mundo ang makapagpapakita sa akin ng isa man. Ngunit maipaalam nawa ito sa iglesiang naririto ngayon at sa susunod pang iglesia: Kung itutulak ng Diyos ang isang tao sa isang tubo at hindi siya kikilos sa anumang paraan malibang sabihin sa kaniya ng Diyos, wala

iyong anumang kalakip na pananampalataya. Ang Diyos ang nagtutulak sa iyo sa isang bagay. At naitatag nito ang ministeryo hanggang umabot sa lugar na walng sinumang makapagsasalita ng isa mang salita laban dito. Ngunit magmula ngayon, hayaan ninyong magsalita ako sa inyo s Ngalan ng Panginoon, bago kayo makinig, sapagkat kailangan kong humayo sa pamamagitan ng pananampalataya. Kailangan kong gawin iyon sa pamamagitan ng pananampalataya, mali man iyon o tama sa aking palagay, o kung anong… Paghuhusayan ko nang husto ang aking pagpili at pagkatapos ay gagawin ko. Sapagkat hindi pa iyon nagkamali, dahil naghihintay muna ako na utusan Niya ako. Naghintay ako sa kaniya, kaya hindi ako iyon; Siya iyon.

97 Ngunit, kita n'yo, maging ang dakilang si San Pablo ay naipit sa pagpili minsan. At sa maraming pagkakataon ang Diyos ay gumagawa ng mga bagaybagay o pinahihintulutan Niyang magawa iyon ng Kaniyang mga lingkod, ang mga pagkakamali, upang patunayan Niya ang mga bagay na ito. Ngayon, alam nating ang mga tao ay nagkakamali, ngunit nag Diyos ay hindi maaaring magkamali. Ngunit ngayon, kung ako'y papasok sa larangan ng pangangaral at sa ganitong pagsulong ko, kung gayo'y kailangan kong magtakda ng mga gawain hangga't maaga at - ayusin ang pagkakaksunud-sunod ng mga bagaybagay. At marahil ito na ang dakialng oras na darating na matagal na naitng hinihintay. At tiyak, kung ito na ang napakadakilang bagay na magsasakatuparan, at gaganap ng napakadakilang tagumpay sa Pag-ibig na Banal (pandiwa muna bago pag-abay), kung gayon iyon ay ang Makadiyos na Pag-ibig na walang iba kundi ang Diyos. Kita n'yo? At kinakailangan ang pag-ibig ng Diyos upang lumantad doon sa harapan ng pakikibaka at mamagitam para sa mga tao.

98 At ang mga Ricky at Rickettang ito na lumapastangan sa mga salitang ito, na tinawag ko silang mga "Ricky" at Ricketta," pinaunawa sa akin ng Diyos na hindi ko dapat gawin iyon, sapagkat iyon ay… Marami sa kanila ay may anak din naman niya. Dapat kong… wala silang magawa dahil ibang-iba talaga silang kumilos. Ilan sa mga malalamig at pormal na mga iglesyang ito na kinaroroonan nila, ang espiritung iyon ay nasa kanila, at mga bihag din sila katulad ng Israel, na pinuntahan ni Moises upang palayain sa pagkakaalipin: mga tao silang nagamamahal kay Jesus Cristo, na handang maglingkod sa Kaniya kung alam lang nila ang tamang paraan. At naroon sila sa pagkaalipin sa ilalim ng denominasyonalismo na nagsasabi sa kanila, "Huwag n'yong gagawin ito," at "huwag n'yong gagawin iyan."

99 Ngunit kailangan dumating ang panawagan ng Diyos, "Ang sinumang nais sumulong sa lupang pangako, ay sumulong." Patungo na tayo ngayon sa lupang pangako. Amen…?... Magsilapit sila at sumulong. Sasalubong na tayo kay Cristo sa huling panahon. At hinangad kong ihatid ito sa inyo upang inyong maunawaan, at nang maipakita ko sa inyo na maaaring magkamalin ang tao, kahit gaano siya kasinsero.

Nawala ang paglingap ni Moises sa bayan sapagkat ayaw nilang makinig sa kaniya. At, Brother Roy, nauunawaan mo na ba ang panaginip mo? At ngayon, hindi na ako maaaring magpatuloy sa gayong ministeryo, malibang magbago ang nadarama ko sa aking puso tungkol doon, kahit pa nga sabihin sa akin ng Diyos. Ngunit iyon na nga ang dahilan kaya iyon nagbago. Brother Roy, paparating na iyon. Dapat ay may mangyaring pagbabago sa akin, sapagkat ako, sa puso ko, kung lalabas ako roon nang ganito ang nararamdaman ko… Dama ko pa rin na sana'y dininig nila ang mensaheng iyon, sinunod dapat nila iyon… At wala sa akin ngayon ang damdamin para sa mga tao na dapat sana ay nasa akin ngayon. At malibang mapasa sa akin ang damdaming iyon, hindi ko kailangang humayo sapagkat magiging isa akong ipokrito.

100 At sa lahat ng mga taong nakalipas, sinikap kong maglingkod sa kaniya nagn tapat sa aking puso, at hindi ako lalabas doon na isang ipokrito.Kailangan kong madama na hindi pala sila mag "Ricky" at "Ricketta," at hindi pala sila gano'n. Mga anak sila ng Diyos na nasa pagkakaalipin, at kailangan ko silang puntahan. At malibang magkagayon ang damdamin ko, kakailanganin ko munang magikut-ikut, mangangaral pa rin naman ako sa ilang mga kumbensyon at iba pa, ngunit sandali lang.

101 May isa akong awitin. Hindi ako marunong kumanta. Kakailanganin kong sipiin na alng ito sa inyo. (Mga kapatid, medyo mantsado na ito.) Hindi tama ang pagkakabaybay ko. Hindi tama ang pagkakasulat. Hindi ko alam kung mababasa ko ito o hindi. Nasa tono ito ng "Battle Hymn of the Republic." Gloria! Gloria, aleluia! (Narinig n'yo na ang iyon.) Gloria! Gloria, alaluia! (Ilan… anupa't narinig na nating laht iyon.)

Walang humpay ang hayo ng matapang na mangangaral,

Sukbit ang luma niyang riple't kipkip ang kasulatan;

Lagi siyang nangungusap tunkol sa Kalangitan, Habang siya'y lumilibot. Nakasandig, Sa Makapangyarihan Niyang bisig. Nakasandig, Sa Makapangyarihan Niyang bisig. Nangaral siya tungkol sa kahatulang daratal; At tungkol sa langit na tahanan ng mga ganap. Habang siya ay tumatahak sa mga kabundukan, Patuloy siyang nangangaral. Puspos ng banal na kapangyarihan, Ang Dugo ni Jesus; Puspos ng banal na kapangyarihan,

Ang Dugo ng Cordero ng Diyos.

102 Ang matandang galang mangangaral, alalahanin n'yo siya. Kita n'yo?

Luma na ang kaniyang ripleng nakasabit sa dingding; Laspag na't inaamag ang Biblia niya sa isang sulok; (Tama.)

Ngunit Mensaheng taglay nito ang hahatol sa 'ting lahat, Katotohana'y susulong.

(Lahat tayo.) Gloria! Gloria, aleluia!

Gloria! Gloria, aleluia!

Gloria! Gloria, aleluia!

Katotohana'y susulong.

103 Pag-aaralan ko iyan. Tumayo ako kaninang umaga nang isinulat ko iyan, hinawakan ko ang luma kong ripleng nakasabit sa dingding. Alam kong hindi na magtatagal.

Luma na ang kaniyang ripleng nakasabit sa dingding;

Laspag na't inaamag ang Biblia niya sa isang sulok; Ngunit Mensaheng taglay nito ang hahatol sa 'ting lahat,

Katotohana'y susulong.

Na katotohanan ng Diyos ay ang Biblia. Siya nga, si Jesus Cristo ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man.

104 Ang matandang mangangabayong mangangaral sukbit ang riple sa kaniyang likuran, hawak ang kaniyang Biblia, ay tumatawid sa kapatagan, at umaakyat sa kabundukan, at lumulusong sa mga lambak at sa lahat ng dako, ipinapangaral ang tungkol sa isang paparating na milenyum, tungkol sa isang nagniningas na paghuhukom sa mga taong di matuwid, at ipinapangaral ang isang Kaharian ng Diyos para sa mga taong matuwid. Totoo nga. Ang lumang Winchester's ay kinakalawang na. At ang Biblia, pi—-pinapalitan na nila Ito ng kung ano'ng aklat tungkol sa sex. Ngunit ang Katotohanan ng Diyos ay sumusulong pa rin. Ipinamamalas pa rin Niyang ang Kaniyang Sarili na tunay na tunay pa rin sa araw na ito, gaya ng pinatutunayan Niya ngayon, na gaya pa rin Siya ng dati. Katotohana'y susulong.

Gloria! Gloria, aleluia!

Gloria! Gloria, aleluia!

Gloria! Gloria, aleluia!

Katotohana'y susulong.

105 Bakit? May tatanggap nito, sapagkat si Jesus Cristo ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailan man. Awitin natin iyong muli. Ngayon, halu-halo tayo rito: Metodista, Baptist, Lutheran, at lahat ng iba pa. Habang inaawit natin ang huling koro, makipagkamay tayo sa mga kapatid natin at pagkatapos ay magtatapos na tayo.

At ngayon, pakatandaan ninyo, sa mga kailangang sumimba sa inyong simbahan, sumimba kayo ngayong gabi. Ibati ninyo ako sa inyong pastor. At— -at pagkatapos ay ipanalangin ninyo ako, at ang bawat isa sa inyo. At gayon din, nais kong tandaan ninyo, kung wala kayong lugar na mapuntahan… (At kung magkaroon kayo ng anuman…) Pagkatapos ng mensahe ni brother Neville mamayang gabi, matapos niyang mangaral, ay nais kong gumawa ng tape na ang pamagat ay "Ang Patay-Sinding Ilaw ng Kaniyang Pagdating" (Kita n'yo?) mamayang gabi. Pagpalain nawa kayo ng Panginoon. At sa susunod na linggo, ako'y… Sa susunod na linggo, kung loloobin ng Panginoon, maaaring makabalik akong muli upang gumawa ng isa pang tape, pagkat kailangan kong magpunta sa Arkansas sa susunod na linggo.

106 Sige, ngayon, umawit tayong muli at magkamayan na tayo. Gloria! Gloria, Aleluia! habang…?... sa mga ito…?... sa Ngalan ni Jesus Cristo.)

Papuri sa Diyos. Ngayon, yumuko tayo sandali.

107 Tamang-tama ang dating mo, Brother Ruddell. Lumapit ka dito sandali. Si Brother Ruddell, isa pa sa mga kasamahan nating kapatid dito ng ating munting kapisanan ng mga iglesia, na isang kapisanang interdenominational. At narinig ko ang magiting na paninindigang ginawa ni Brother Ruddell para sa Ebanghelyo. Kaya sinabi ko ito, Brother Ruddell, na laht ng bagay sa daan… Hindi nangako ang Diyos ng mabulaklak na higaan ng kaginhawaan, ngunit nangako Siya ng isang pakikibaka. Oo, ngunit nangako Siya ng tagumpay. Iyon ang mahalaga.

Naaalala ko pa, nang una akong manindigan ng ganito, maging ang nanay at tatay ko ay gusto

akong palayasin sa bahay. Kiya n'yo? Ngunit, naku, kung paanong banautismuhan ko sila sa Ngalan ng Panginoong Jesus. Ang tanging pag-asang mayroon ako sa araw na ito ay dahil sa paninindigang ito. Ako'y labis na nagagalak na ang mensahe ng Biblia na galing sa matandang mangangabayong mangangaral hanggang ngayon ay… Bagamat nagna mahawakan iyon ng mga tao ay tinabasan nila, at gumawa sila ng mga denominasyon at naglagay sila ng mga kredo at lahat na dito, ang Katotohanang iyon ay sumusulong pa rin. Tama. Sumusulong pa rin Iyon.

108 pagpalain ng Diyos ang bawat isa sa inyo at umaasa kaming makita kayong muli sa madaling panahon. Hanggang sa pagkakataong iyon, maaari bang gawin ninyo ito para sa akin, dito at gayon din sa mga nakarinig sa tape, ang mga kapatiran? Ipanalangin ninyo na ilagay ng Diyos sa aking puso ang bagay na iyon na naiwawla ko gawa ng pagiging maramdamin ko. Napakadali kasing magkaroon ng maling damdamin. Nakapanayam ko nung isang araw si Brother Way na nakaupo rito, nakaupo dito sa harapan natin: isang mabuting tao ngunit nagkaroon siya ng maling damdamin na kumulong sa kaniya, ibang uri iyon ng maling pakiramdam. Nangyari din iyon sa kaniya. Brother Way, napakadali kasing mangyari nito. Ito'y… Ang nagyayari kasi, magkaroon ka ng kung anong munting bagay sa iyong kaisipan, pag nananatili iyon sa iyong isipan… Magbalik ka at suriin mo ito sa Kasulatan, tignan mo kung tama ba ito o mali, at pagkatapos ay doon ka magsimula. Siya nga. Huwag mong iwawala ang damdamin mo sa mga tao. Kita n'yo? Dapat mong pakatandaang hindi sila yari sa kusot; sila'y laman at dugo rin naman, mga taong may kaluluwa. Ipanalangin ninyo ako, lahat kayo, kung mamarapatin n'yo. Pagpalain kayo ng Diyos ngayon.

Magsiyuko tayo at hihilingin nating kay Brother Ruddell kung mamarapatin niya…

109 Paumanhin [May lalaking nagsalita sa kongregasyon -Ed.] Sige, brother. [Isang lalaki ang nagkuwento ng panaginip kay Brother Branham - Ed.] Purihin ang Diyos. Isa itong ministro. Kung sakaling may hindi nakakaalam. Ang kabilang siya sa kalipunang iyon ( hindi kasi ako nagkaroon ng pagkakataon kaninang umaga), na nasa isa sa mga panaginip, na nagsasabi tungkol sa pagtungo ko sa kabilang direksyon (Kita n'yo?), patungong kanluran, papuntang kanluran sa huling pagkakataong ito; si Brother J.T. Parnell.

110 Ngayon, maaaring may mga dayuhan na nag-iisp tungkol sa mga taong nananaginip, tungkol sa mga taong mapanaginipin. Hindi, hindi namin tinatanggap ang lahat ng uri ng panaginip, ngunit naniniwala kaming sinabi ng Biblia. "mangyayari na sa huling mga araw ay ibubuhos ko ang Aking Espiritu sa lahat ng tao; at sila'y magsisipanghula, at makakakita ng mga pangitain, at magsisipanaginip." At habang iayan ay nasa mga pahina ng Biblia, katungkulan kong paniwalaan at ipangaral iyon. At kapag nagsasabi ang mga tao ng panaginip, at hind nagbibigay ang Panginoon ng paliwanag, hinahayaan lnag namin iyon. At kung iyon ay isang bagay na… Kapag may sinumang nagsalita sa ibang wika, dapat ito ay isang bagay patungkol sa iglesya at dapat ay natutupad. Kung hindi, masamang espiritu iyon. Kinakailangang maganap iyon, pagkat ang pagpapaliwanag ng mga wika ay propesiya. Alam nating tama iyan. Kaya sinisikap namin dito na ipamuhay ang Biblia kung paano Ito itinuturo, hindi kami nagbabawas ng anuman Dito p nagdadagdag ng anuman Dito, bagkus ipinamumuhay lang namin kung paano Ito naisulat. Purihin nawa ang Panginoon. Nakakatulong iyan sa akin, Brother J.T., ang paniwalaan iyan… Hindi sinabi sa akin ng Diyos na lumabas ka na ngayon at makipagkompromiso ka sa kasalanan. Bagkus lumabas lang ako at nagpatuloy lang ako sa paggawa ng mga bagay-bagay.

111 Manalangin na tayo ngayon, Brother… [Isang babae sa kongregasyon ang sumigaw -Ed]… may hinimatay. Sandali lang, manahimik kayo ngayon.

Makalangit na Ama, itulot Mong ang Iyong habag ay…?... kay Brother Way…?... Sa ngalan ni Jesus Cristo…?... ay maganap. Ibalik Mo po siya, Panginoon, bigyan Mo po siaya ng kalakasan…?... Tulungan Mo nga po ako, ang puso niya ay muling tumibok…?... Panginoong Jesus, itulot Mo pong ang Iyong kabutihan at habag ay mapakay Brother Way sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Tapos na. Sa pagkakatayo ko sa altar na ito kung saan ay naipangaral ang maraming pangangaral tungkol sa libing, sa kinatatayuan ko rito kung saan daan-daang mga tao ang naipanalangin patungo kay Cristo… Inunat ko ang kamay ko; nakatirik ang kanyang mga mata; wala na ang kaniyang pulso. At pagkatawag na pagkatawag sa Ngalan ni Jesus Cristo ang pulsoniya ay muling pumintig…? ...Purihin ang Panginoon. Bilang isang ministro ng krus, sinabi ko iyan sa Ngalan ni Jesus Cristo. Di ba kahanga-hanga Siya? Atake sa puso… Kita n'yo? nagpapasalamat ako na ngayon na ito nangyari sa halip ang biyaya ng Diyos? Purihin nawa ang Panginoon.

Magsiyuko lang tayo.

112 Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka po namin ngayon dahil sa Iyong kabutihan at sa Iyong habag. Lagi Kang nasa kalagitnaan namin. Pagkalooban Mo po ako, Panginoon, ng Langis sa aking ilawan. Ibigay Mo po sa akin ang tungkod ng Panginoon, upang maiunat ko ito sa mga may sakit at nagbabata, upang madala—-upangmakapagdala ng pagliligtas a mga nangangailangan at kahatulan sa mga tumatanggi. Itulot Mo po ito, Ama. Pinasasalamatan Ka po namin sa lahat ng Iyong kabutihan, sa Ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Brother Ruddell, pagpalain ka ng Diyos, kapatid.

www.messagehub.info

Pangangaral ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7